

# ANG PAGKILALA SA IYONG ARAW AT ANG MENSAHE NITO



Magandang umaga, mga kaibigan. Manatili tayong nakatayo pansumandali.

Minamahal na Dios, habang kami, sa mga kaabalahan sa buhay na ito, ay panandaliang huminto para dito sa mga sumusunod na ilang mga sandali o oras, maging anuman ito, na Iyong inilaan para sa amin, upang magpuri at lumuwalhati sa Iyo, upang ipangaral ang Iyong Salita, upang makilala Ka nang higit pa, kung kaya't kami'y nagkatipon-tipon sa umagang ito. Pinasasalamatan Ka namin, Dios, sapagka't may mga tao na nakahanda at inihanda ang kanilang mga sarili para pumaritong makinig. Sa kabila ng mga kalagayan at ng panahon, at yaong aming kinabubuhayan, sila'y naniniwala pa rin. At pinasasalamatan Ka namin dahil sa kanila.

<sup>2</sup> Dios, kami'y lubos na nagpapasalamat sa Iyo dahil sa Iyong dakilang kapangyarihang magpagaling, ang mga pangako ng Iyong Salita. Kung paanong nag-aalab ang aming mga puso kapag naririnig namin ang mga patotoong ito! Lahat ng uri ng mga pagdadalamhati na kinasadlakan ng mga anak ng tao! Ikaw, at ang Iyong biyaya at kapangyarihan, at sa pamamagitan ng Iyong pangako, ay pinagaling sila. At sila'y naririto, nagpapatotoo, nagpupuri sa Dios. Pinasasalamatan Ka namin dahil dito.

At ngayon kami nawa, sa araw na ito, ay mapakinggan ang Mensaheng inilaan Mo para sa amin sa oras na ito. Habang bumabasa kami sa Iyong Salita, ipagkaloob Mo nawa sa amin ang nilalaman ng binabasa namin. Mangyari nawa ang Iyong kalooban sa lahat ng mga bagay, dahil hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Makakaupo na.

<sup>3</sup> Isang pribilehiyong makaparito sa umagang ito. Ako'y labis na nagagalak para sa inyong lahat. At sina Kapatid na Woods, Kapatid na Roy Roberson, marami pang ibang mga kapatid, ay matapat na gumawa nitong nakaraang dalawang araw, para bigyang-lamig ang gusaling ito para sa layuning ito, 'pagkat nakita nila noong nakaraang Linggo kung paano kayong nagtiis. At may kaunti pa silang halaga sa kaban ng iglesya, at sila ay nagtrabaho at ginawa na mapagana ito para kayo'y maginhawahan, sa pamamagitan ng perang inilagay ninyo na mga handog, para habang nangakaupo kayo, nakikinig

sa Mensahe. Mas malamig ngayon kaysa dati. Kaya kami'y nagpapasalamat sa Dios, at sa inyo, dahil sa pagkakataong ito.

<sup>4</sup> Natutuwa... Si Kapatid na Roy Borders, medyo nais niyang dumoon sa likuran sa umagang ito. At sinabihan ko siyang kumuha ng kaniyang upuan at maupo rito kasama ng mga ministro rito, nguni't ayaw niyang gawin iyon. Tulad ng nalalaman ninyong lahat, si Kapatid na Borders ang kumakatawan sa atin sa misyon. Lubos ang kagalakan natin na makapiling si Kapatid na Borders dito, at maraming iba pang mga ministro at mga kaibigan.

<sup>5</sup> Sa buong sanlinggo aking-aking iniisip, at 'ika ko, "Pagpunta ko doon, sa Linggo, bibigyang-pansin ko ang bawa't ministro, bawa't tao." Pagkatapos kapag narito ka na, nakatuon ka na nang husto sa Mensahe hanggang sa makalimutan mo na lang ang lahat, halos, kaya ganiyan ito.

<sup>6</sup> Ngayon kailangan kong bumalik sa Arizona. Kailangan kong bumalik sa susunod na Lunes, isang linggo, pabalik sa Tucson, para dalhin ang mga bata roon para sa pasukan sa paaralan. At ako'y babalik pagkatapos niyan. At ang maybahay ko'y kailangang naroon nang maaga, para simulan ang... para ipalista ang mga bata, dalawang linggo bago magsimula ang pasukan. At ako, pagkatapos, babalik ako sandali rito.

<sup>7</sup> At ngayon ito ang panahon ng bakasyon ko. Gaya nga ng alam n'yo na, nangaral ako mula pa noong Disyembre; Enero, Pebrero, Marso, Abril, Mayo, Hunyo, at Hulyo. Ngayon, kung lolobin ng Dios, at walang anumang espesyal na tawag, ito ang panahong ako-ako-ako ay nagpapahinga, ang bakasyon ko. Ako'y nangangaso. At ako...

<sup>8</sup> Ngayon kung ang Panginoon ay tatawagin ako sa ibang bagay, ang mga bagay na iyan ay isinasantabi. Ang Dios ay palaging una. At nais kong Siya'y nauuna, at nais ninyong Siya'y nauuna. Subali't samakatuwid kung walang tawag, at iyan ang maging kalooban Niya, 'yan ang aking gagawin ngayon sa mga susunod na mga buwan, ay ang mangaso ngayon, para ipahinga ang aking sarili. Ako...

<sup>9</sup> Hindi n'yo alam, hindi kailanman malalaman ng mundo, kung ano ang kailangan kong pagdaanan. Kita n'yo? At ito'y sadyang nakakapagod. Kaya pala sinabi ng Panginoon sa mga alagad Niya, noong Siya'y lumakad kasama nila, "Magsiparito kayong bukod sa ilang, magpahinga kayo ng kaunti." Kita n'yo? Higit kong nauunawaan iyan, bawa't araw, at lalo na habang nadaragdagan ang aking mga araw sa ibabaw ng lupa, kita n'yo. Habang tumatanda ako, nauunawaan mo ito. Naririnig ninyo ang ating pastor na nagsasabing "amen" diyan, din naman. Siya, kami, ay nauunawaang hindi na kami mga bata pa matapos na kami'y lumampas na sa limampung taong gulang. Ngayon kailangan namin ng kaunting panahon.

<sup>10</sup> Labis tayong nagpapasalamat sa mga patotoong karirinig lamang natin. Ang maybahay ko'y naroon kina Gng. Wood, kahapon, nang magsidating ang ilang mga tao mula pa sa Alabama, sa isang lugar doon, at nagpatotoo tungkol sa mga dakilang bagay na ginawa ng Panginoon sa pagtitipon na iyon, tungkol sa mga mumunting batang pinagaling, at iba't ibang mga bagay. At kaya napakaraming mga bagay na, naku, talagang magtatagal para—para isalaysay ito.

<sup>11</sup> Pagkatapos dapat ko ring alalahanin na . . . Naniniwala akong ilan sa kanila ay nagsabi sa akin na si Kapatid na babaeng Larson ay dalawang Linggo nang narito kasama ang isang munting sanggol. Hindi ko malalaman, nguni't naniniwala akong sinabi nilang apo niya ito, marahil, para sa paghahandog, isinama ito mula sa Chicago. Naging napakabait ng babaeng ito sa amin, at pinasasalamatan namin siya. At dinala niya ang isang munting sanggol mula sa Chicago, para sa paghahandog. Na, siya'y may kakaunting panahon lamang para ilabas ito, sa palagay ko, para sa paghahandog, nguni't gusto niya talaga na ang batang ito ay maihandog sa Panginoon. Kaya kung si Kapatid na babaeng Larson, habang ako'y nangungusap, kung kaniya lamang dadalhin na 'yung sanggol para sa gawaing paghahandog na ito.

<sup>12</sup> At pagkatapos, marahil, habang naghahanda siya, aking—nais kong sabihing ito ang pinakamahirap na Mensaheng sinikap kong ihanda, hanggang kagabi. Sa buong sanlinggo, papasok ako sa silid, para sikaping magbukod pagkatapos ng mga tawag ko at mga bagay-bagay, upang—upang pilinging may pumasok sa aking isipan sa oras na iyon. At kapag paparoon na ako, ako—hindi ko man lang . . . Blangko ang aking isipan. At, kahapon, pumunta ako sa silong. Naisip ko na masyadong mainit, kaya't bumaba ako sa silong, naupo roon. At magsusubok akong kunin ang aking Biblia at magbasa, at makakatulog ako. Pagkatapos babangon ako at iinom ng tubig, at pipiliting yugyugin ang sarili ko, at lalabas at magpapalakad-lakad sa paligid, mauupo sa hagdan.

<sup>13</sup> May dumaang tao at nakita akong walang suot na damit pang-itaas, nakaupo sa hagdan; napakainit noon. Kumaway sila. Ewan ko kung kumaway nga sila . . . Isang tao, maaaring tagarito sa lungsod, o maaaring isang taga-simbahan, ang kumaway sa akin. At ako—ako'y nagmumuni-muni nang mabuti, ako—ako'y napasulyap lang sa kotseng, nagdaan. Kumaway ako.

<sup>14</sup> Kagabi sumakay ako sa kotse at nagpunta patungo sa Charlestown, sinisikap na unawain ang kung anong bagay. Ang Panginoon, tila ba, may gustong sabihin sa akin na bagay, nguni't ako . . . Si Satanas ay nagpupumilit na hadlangan ako, para hindi ko magawa ito. Kaya sa loob-loob ko, “Buweno, kung gagawin niya iyan, ako'y patuloy lamang na mananatili, patuloy lamang na maghihintay, kumatok nang kumatok sa pintuan

hanggang sa pagbuksan Niya.” Kaya nga kani-kanina lang, o mga ilang sandali pagkalipas ng alas-siyete kaninang umaga, bumangon ako nang maagang-maaga.

<sup>15</sup> Kahapon, medyo hindi mabuti ang pakiramdam, sinisikap. . . may nakain akong mais na sadyang hindi naging mabuti sa akin, dahil sa napakainit, at aking—aking sinisikap iwasan iyan. At—at pagkatapos kaninang umaga, mga alas-otso, nangyaring nakabuklat ako ng isang Kasulatang nagpamangha sa akin. At tiningnan kong muli ang Kasulatang iyon, at muli Nito akong napamangha. At nagpatuloy ako, sinusundan Iyon sa buong Kasulatan, at katatapos ko ilang minuto pa lang ang nagdaan. Kaya’t maaaring may isang Mensahe ang Panginoon para sa atin, sa umagang ito, na sinikap itago ni Satanas sa atin.

Maaari bang dalhin mo rito ang munting sanggol, Kapatid na Larson? [Naghahandog si Kapatid na Branham ng isang sanggol. Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Sumakanila ang Dios at tulungan sila.

<sup>16</sup> Ngayon napagtagal ko kayo, noong nakaraang Linggo, sa dalawang araw, at sa palagay ko. . . o, dalawang gawain, sa umaga at gabi, at naging mahirap ito sa inyo. Nauunawaan ko ito na. . . Ilan sa inyo ang kailangang maglakbay nang napakalayo, at hindi makakapagtrabaho ng isang araw, at iba pa. Kaya kahit na tayo’y aalis ng Linggo, Lunes, isang linggo, ipababatid ko na lang ang gawain para sa susunod na Linggo, kung loloobin ng Panginoon, kita n’yo, malibang naisin ng kongregasyong manatili hanggang sa gabi. Kita n’yo, iyan, iya’y nasa. . . Napakarami ninyo!

Ilan ang mas gustong gawin ito mamayang gabi, tingnan natin, ganapin ang mga gawain mamayang gabi? Ngayon, mas gustong ganapin na lamang ito sa susunod na Linggo, sunod na itaas ang kamay n’yo? Naku, ’yan ay halos pareho. Uh! [May nagsasabi, “Patas, kapatid!”—Pat.] Anong sabi? [“Ganapin ito kapuwa.”] Uh! [Sinasabi ni Kapatid na Ben Bryant, “At, mamayang gabi, ganapin silang dalawa.”] Naku, naman, Ben! [Tumatawa si Kapatid na Branham.]

<sup>17</sup> Natanggap ko ang Mensaheng ito, may kahabaan, kaninang umaga, nguni’t ako—sadyang hindi ko alam kung paano. . . At talastas kong kabilang ako sa pagbuo ng mga alituntunin ng iglesya, nguni’t nakapaloob doon, kung inyong mapapansin, sinabi ko, “Malibang nagti-teyp ako.” Kita n’yo? Kaya, ito ay tini-teyp. Uh-huh. Kung kaya’t sisikapin natin marahil na makabalik sa parehong pagkakataon, mamayang gabi at sa susunod na Linggo, kung ganoon, magdaos kung loloobin ng Panginoon, kita n’yo. Ngayon, kung hindi kayo makatanggap ng mensahe sa linggong ito, kung ganoon pumarito kayo sa susunod na linggo.

<sup>18</sup> Hindi ko gustong maparito kayo ng dalawang beses tulad niyan, subali't nararamdaman kong wala na tayo kundi kaunting panahon na lamang. At tandaan lamang, kung umusad man ang oras, hindi na magtatagal na meron tayong ganitong pribilehiyo. Kita n'yo? Tandaan, may bagay na mangyayari. Alinman sa pahintuin tayo ng may kapangyarihan, o kikilos si Satanas sa gitna ninyo at ipangangalat kayo. Ito'y parati nang ganiyan. Kita n'yo? May bagay na mangyayari, kaya pahalagahan natin ang bawa't sandaling tayo'y magkakasama.

<sup>19</sup> Kaya ngayon sa mga kailangang magsiuwi sa inyong mga tahanan, mamayang gabi, ito'y magiging tulad noong nakaraang Linggo ng gabi, nagkaroon lang ako ng isang—isang maikling Mensahe. At kaya, kayo, kung nais ninyo ito sa teyp, aba, siguradong padadalhan namin kayo ng teyp kung kailangan ninyong umuwi. O, hindi, ako'y mangangaral mamayang gabi, kung loloobin ng Panginoon.

<sup>20</sup> May tala ako kahapon, o—o kamakalawa, isang maikling Mensaheng isinulat ko mula sa alaala ng isang bagay, at ito'y matagal na. May dalawang Mensahe, kung sa bagay. Ito'y parang sa pagitan, ang isa sa mga ito ay, “Isang tumatagas na balon,” o alinman sa dalawa, “Ang paghahasik sa hangin at pag-aani ng isang ipuipo,” isang Ebanghelyong Mensahe lamang. Sa umagang ito ay pagtuturo. At kaya, mamayang gabi, ako'y mangungusap alinman sa, “Ang paghahasik sa mga hangin at pag-aani ng isang ipuipo,” o kaya naman, “Isang balon na tumatagas.”

<sup>21</sup> At, sa umagang ito, nais kong bumasa mula sa Banal na Kasulatan ngayon.

At maginhawa ba kayo? Sabihin, “Amen.” [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Mabuti.

Ngayon nais ko kayo, sa inyong mga Biblia, na makipagbukas sa akin sa Aklat ni Oseas, kayong mga nagnanais bumasa. At magbasa tayo ng ilang mga talata mula sa ika-6 na kabanata ng Aklat ni Oseas, na propeta.

At maari bang tumayo tayo.

<sup>22</sup> Mahal na Dios, hindi kami karapat-dapat na ilagay ang Aklat na ito sa aming mga kamay, sapagka't nabasa namin sa Mga Kasulatan na walang sinoman sa Langit o sa lupa, o sa ilalim ng lupa, na karapat-dapat o may kakayahang kunin ang Aklat, o tumingin man lang Dito. Oh, at may dumating na Isang tulad sa isang pinaslang na kordero; kinuha Niya ang Aklat, sapagka't karapat-dapat Siya, at kinalagan Niya ang Mga Tatak niyaon. At kami'y umaasa sa Kaniya sa umagang ito upang ihayag ang mga nilalaman nitong nakasulat sa Aklat, sapagka't ito ang Aklat ng Katubusan. Lahat ng mga tinubos ay nakasulat doon. Masumpungan nawa namin ang aming

posisyon, sa umagang ito, sa panahong aming kinabubuhayan. Dahil hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

*Magsiparito kayo ngayon, at tayo'y manumbalik sa PANGINOON: sapagka't siya'y lumapa, at pagagalingin niya tayo; siya ay nanakit, at kaniyang tatapalan tayo.*

*Pagkatapos ng dalawang araw ay tatanggapin niya tayo: sa ikatlong araw ay ibabangon niya tayo, at tayo'y mangabubuhay sa harap niya.*

*At ating kilalanin, tayo'y magpatuloy upang makilala ang PANGINOON: ang kaniyang paglabas ay tunay na parang umaga; at siya'y paririto sa atin na parang isang ulan, na parang ang huli at unang ulan na dumidilig ng lupa.*

*Oh Ephraim, ano ang gagawin ko sa iyo? Oh Juda, ano ang gagawin ko sa iyo? sapagka't ang inyong kabutihan ay parang ulap sa umaga, at parang hamog na lumalabas na maaga.*

*Kaya't aking pinutol sila sa pamamagitan ng mga propeta; aking pinatay sila ng mga salita ng aking bibig; at ang iyong mga kahatulan ay parang liwanag na lumalabas.*

*Sapagka't ako'y nagnanasa ng kaawaan, at hindi hain; at ng pagkakilala sa Dios higit kay sa mga handog na susunugin.*

*Nguni't sila gaya ni Adan ay sumalangsang sa tipan: nagsigawa silang—nagsigawa silang may paglililo laban sa akin.*

*Ang Galaad ay bayang gumagawa ng kasamaan, at tigmak sa dugo.*

*At kung paanong ang mga pulutong ng mga tulisan na nagsisiabang sa isang tao, ay gayon ang pulutong ng mga saserdote na nagsisipatay sa daan na dakong Sicheim: at . . . gumawa ng kahalayan.*

*Sa sangbahayan ni Israel ay nakakita ako ng kakilakilabot na bagay: doo'y nagpatutot ang Ephraim, ang Israel ay napahamak.*

*Sa iyo man, Oh Juda, may inihatid na paggapas, pagka aking ibabalik ang bihag sa aking bayan.*

<sup>23</sup> Panginoong Jesus, hanguin Mo mula Rito, sa pamamagitan ng Iyong Espiritu Santo, ang minimithing kahulugan, habang naghihintay kaming patuloy sa Iyo. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>24</sup> Ngayon, ang paksa ko sa umagang ito ay: *Ang Pagkilala Sa Iyong Araw At Ang Mensahe Nito.*

Ating nakikita mula sa aralin noong nakaraang Linggo, gaya ng ating itinuro, *Ang Pista Ng Mga Trumpeta.* At nais kong

tawagin ang inyong pansin, ngayon, ang panahon—panahon ng Israel sa orasan ng Dios.

<sup>25</sup> Tayo’y tumatalakay sa araw na ito sa isang Sunday school na aralin, na nais kong unawain ninyo at kilalanin ang panahong ating kinabubuhayan. Tayo’y halos patapos na, tulad ng inyong nakikita. At kung ganoon, sa pamamagitan nito, dapat ninyong alamin ang mismong oras at panahon, at tanda at Mensaheng inyong tatanggapin.

<sup>26</sup> Ngayon, bilang ating pinasimulan noong nakaraang Linggo... Noon pa nating napag-usapan na ipangangaral ang tungkol sa Mga Trumpeta, ang huling Pitong Trumpeta ng Biblia. At ako, sa aking sarili, inisip kong mabubuksan silang tulad ng sa Mga Tatak. Nguni’t napansin kong sa bawa’t pagbubukas ng mga ito ay may isang kamangha-manghang bagay na nangyayari.

At habang ipinangangaral natin ang *Pitong Kapanahunan ng Iglesya*, at ang mga ito ay napakaperpekto hanggang sa bumaba ang Espiritu Santo Mismo sa ating kalagitnaan at pinagtibay iyon, at inilathala iyon sa mga pahayagan, at ikinalat iyon sa buong bansa, at ipinakita iyon sa buwan sa sangkalangitan, at pinatunayan iyon sa atin, mga linggo at mga buwan bago ito nangyari, na ganiyan nga ito mangyayari, tumpak na tumpak. Dito sa Tabernakulo ay inihayag Niya ito. Dito sa... sa panahon, inihayag Niya ito. Sa buwan at sa araw, inihayag Niya ito. At sa kalagayan ng mga bansa sa panahong ito, inihayag Niya ito; samantalang ang herarkiya sa iglesyang Romano ay umalis at nagbalik sa Palestina, ipinapalagay na siyang naging unang papa na bumalik mula kay (inaangkin nila) Pedro bilang papa. Ngayon, ito’y lubhang kamangha-mangha!

<sup>27</sup> Pagkatapos, nakita natin, bago ang Pitong Tatak na naglihim ng lahat ng mga hiwaga.

Ako na hindi alam kung ano ang iginuguhit ko sa pisara, para sa Mga Kapanahunan ng Iglesya. Hindi ko talaga alam. Batid ng Dios. Sa pamamagitan lamang ng pangitain, iginuhit ko ito. Hindi nalalamang ang Dios, pagkaraan ng isang taon at anim na buwan, ay pagtitibayin iyon sa sangkalangitan, sa pamamagitan ng buwan, at mailalathala iyon sa mga pambansang pahayagan. Hindi ko alam iyon. Hindi ko alam na magkakaroon ng isang mahiwagang pagdidilim sa buwan, upang ilarawan itong Kapanahunang Laodicea.

<sup>28</sup> Ngayon, doon sa mga pahayagan, makikita lamang n’yo ang anim na kapanahunan. Sa dahilang ganap na nagdilim ang iglesyang Laodicea. At kung mapapansin ninyo ang espirituwal na kahulugan, kung paanong inilatag iyon ng Dios sa langit. Nang ilatag ko iyon dito sa lupa, nag-iwan ako ng isang napakaliit na puwang, tulad ng nakikita ninyo, katiting na katiting na liwanag lamang. Iyan ay bago pa tawagin ang

pinaka Hirang mula sa lupa, ang dahilan kaya't inilagay ko iyon doon sa ikapitong kapanahunan. Nguni't nang inilatag iyon ng Dios sa sangkalangitan, lubusan itong nagdilim, nangangahulugan marahil na tinawag na ang pinakahuli mula riyan sa Kapanahunang Laodicea. Hindi natin alam. Maaaring magkaroon ng pangangaral tungkol dito.

<sup>29</sup> Ngayon pansinin muli, bago ang—ang Pitong Tatak, na wala naman akong kaisipang ganiyan pala iyon.

Dito sa tabernakulo ay nangusap Siya tungkol dito, at ipinadala ako sa Tucson, Arizona, sinasabi sa inyong lahat kung anong mangyayari. At may lalaking naritong nakaupo, sa araw na ito, na naroon upang saksihang nangyayari iyon nang tamang-tama ayon sa pagkakasabi rito kung paanong mangyayari, “Pitong Anghel ang darating.” Pagkatapos inilathala iyan ng mga pahayagan, at ng mga magasin, sa buong bansa, “Mahiwagang bilog na Liwanag sa anyo ng isang piramide,” sadyang katulad ng iginuhit ko rito at ipinakita sa inyo. Pumaitaas mula sa kinatatayuan ng mga Anghel na iyon, at pumaitaas ng tatlumpung milya, at dalawampu't pitong milya ang lawak; o alinman sa dalawampu't pitong milya ang taas, at tatlumpung milya ang lawak, nakalimutan ko na kung alin dito. At nakita sa buong mga estado, sa itaas lamang ng Tucson, Arizona, kung saan ito mismo nangyari, sa ganoon ding oras.

<sup>30</sup> Kita n'yo, ang—ang Biblia, ang Dios ay hindi lamang. . . Hindi lang ito isang taong nagsisikap na—na ipilit ang isang bagay sa inyo, bagkus ihayag sa inyo ang pinaka espirituwal na aplikasyon ng oras na ito.

<sup>31</sup> At pagkatapos, ang sumunod na Mensahe, na nagbukas sa Pitong Tatak, na kumalag sa lahat ng nakatagong mga hiwaga ng Biblia, ang mga Doktrina, at iba pa. Na, walang pakundangang binabatikos ng mundo sa kasalukuyan, binabatikos Ito at sinasabing Ito'y mali, *ito, iyan*.

<sup>32</sup> Dito sa Arizona noong isang araw, pinagdugtong-dugtong ang mga teyp, para papagsalitain ako ng mga bagay na hindi ko naman sinabi. Alalahanin lamang ang pangitain tungkol sa panukalang Arizona! Sinabi ng Biblia, “Mas lalong may pakikinabangan ka pa na bitinan ng bato ang iyong leeg.” At isang bagay pa, na, “Sinuman,” maging siya'y isang mangangaral o maging anuman siya, “ang mag-alis ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ng isang salita Rito!” Mga taong naglalagay ng sarili nilang pakahulugan sa Salita kung paano Ito ibinigay, sinisikap na papagsalitain Ito ng isang bagay na hindi ko naman sinabi, at, hindi aking Salita; Ito'y Kaniyang Salita. “Sinumang magdagdag, o mag-alis!”

<sup>33</sup> At pagkatapos, sa pangitain, nakita nating umikot pabagsak ang mga propetang ito, tulad ng ipinaliwanag ko sa inyo, naniniwala ako, ilang Linggo na ang nakararaan. Ito'y magiging



ganoong lahat. Sinabi ko, “Basta’t lumayo lamang dito.” Hangga’t nakikipagbaka ako rito, kung magkaganoon hindi magagawang makipagbaka ng Dios dito. Nguni’t ipaubaya natin ito sa Kaniya. Siya Yaong Tanging bahala rito. Kita n’yo?

<sup>34</sup> Ngayon ating napansin, noong nakaraang Linggo, may . . . ipinangangaral ang mga araw ng kapistahan. At may pista ng pentecostes. At sa pagitan ng pista ng pentecostes at pista ng mga trumpeta, isa’yung mahabang panahon; eksaktong limampung araw sa pagitan ng pentecostes at pista ng mga trumpeta. At ang limampung araw, na, ang *pentecostes* ay nangangahulugang “limampu.” Ito ang pag-aalog ng bigkis, o ang pagaa- . . . Ang mga unang bunga ng ani ay ipinasok. At nakita nating nasa tipo ito roon, sa natural na mga unang bunga, na kumakatawan sa mga unang bunga ng Espiritu Santo na ibubuhos sa mga tao.

At ating nasumpungan, noon, na yaong limampung araw ay tinanggap ng mga Gentil, na, “Ang Dios ay tumawag mula sa mga Gentil ng isang bayan para sa Kaniyang Pangalan,” ang pista ng pentecostes. At dumadaan na tayo diyan noon pa sa mahabang pista ng pentecostes.

<sup>35</sup> Ngayon, sa totoo lang, mula sa limampung araw, ay may eksaktong pitong sabbath. At ang pitong sabbath ay kumakatawan sa Pitong Kapanahunan ng Iglesya, para tawagin sa panahon ng pistang pentecostal, ng Pentecostes, para tawagin ang isang bayan mula sa mga Gentil para sa Kaniyang Pangalan.

Ngayon, sa hulihan nitong pitong sabbath, na noon pa, ay magkakaroon ng isang Araw ng Pagtubos sa Kasalanan, na siyang Pitong Trumpeta. At ang Pitong Trumpeta ay upang tawagin ang isang araw ng pagluluksa, pabalik para sa Handog, o, sa Pagtubos sa Kasalanan. At ating nalaman pagkatapos, na, ang Israel, ang Pitong Trumpeta ay nauukol lamang sa Israel.

<sup>36</sup> At, pagkatapos, kung bakit ayaw Niya akong pahintulutang ipangaral ang mga Pitong Trumpetang iyon. Ganoong handa na akong ipabatid ito, naihandang na ang mga bulwagan at ang lahat para dito, upang ipangaral ang Pitong Trumpeta. At sinabi ko, “May isang bagay na gumugulo sa akin nang husto,” sabi ko. Nagpatuloy kami sa paggawa, at si Billy at lahat kami, sinisikap na ihanda ang lahat para sa gusaling naka-air-condition, para sa linggong darating, para sa Pitong Trumpeta; na gugugol ng sampung araw, o walong araw, kinuha ang awditoryum ng paaralan. Nguni’t hindi ako pinahintulutan ng Espiritu Santong gawin ito, sa ilang kadahilanan, at nagtataka ako kung bakit.

At nang pumasok ako para manalanagin. Sinabi ko sa aking maybahay, “Papasok na ako.” At taos-puso akong lumuhod sa harap ng Dios, para manalangin. At inihayag Niya sa akin na yaong Pitong Trumpeta ay tumunog sa ilalim ng Ikaanim na Tatak, at naipangaral ko na ito, sa supernatural na paraan. Kita n’yo, ito’y ang kamay ng Dios, sa kabuuan. Nauukol ito sa

Israel, at tinalakay na natin ito sa ilalim ng Ikaanim na Tatak; kayong lahat ay nakuha na 'yan, kung paano ang pag-uusig sa mga Judio.

<sup>37</sup> Ang panahon ng mga Gentil ay mula noon dito na sa pistang pentecostal na ito.

Ang mga Trumpeta, sa ilalim...lahat ng mga ito ay pinatunog sa ilalim ng Ikaanim na Tatak. At tinalakay natin ito noong nakaraang Linggo, sa ilalim ng pista ng mga trumpeta, kung nais ninyong lahat na maintindihan ito. Ano ba ang gagawin nito? Para pagmadaliin ang mga Judio, mula sa lahat ng panig ng mundo, pabalik sa kanilang sariling bayan. Kailangang doon ito. At ang pagbubukas ng Mga Tatak, sa ilalim ng Ikaanim na Tatak, at sa ilalim... Ang Pitong Trumpeta ay tumunog sa—sa Ikaanim na Tatak.

<sup>38</sup> Ngayon, ang Mensahe ng ikapitong anghel ay ang buksan ang hiwaga ng Mga Tatak, na tinatawag ang panglabing-isang oras na mga manggagawang Gentil upang tanggapin ang kabayaran tulad din ng tinanggap ng mga manggagawa sa unang oras. Kita n'yo?

Ngayon, itinuro ito ni Jesus. Sinabi Niyang may ilang mga taong pumaroon sa anihan. Sila'y inupahan. At nang ginawa nila, 'yang nagsimula nang umagang-umaga, tinanggap nila ang isang—isang—isang panahon, ang salaping para sa isang buong araw. At pagkatapos sa tanghali, may isa pang pumasok at nagtrabaho. At pagkatapos pagsapit ng ikalabing-isang oras, 'yun ang huling oras ng araw, yaong isa pa ay pumasok at tinanggap ang ganoon ding kabayaran gaya ng tinanggap ng mga nasa unang oras ng araw; sa huling oras.

<sup>39</sup> Ito'y tugmang-tugma, kung paanong ang unang-oras na mga mensahero na taglay ang Salita, na taglay ang Ebanghelyo, na taglay ang Katotohanan, pumasok sila sa Araw ng Pentecostes. Pagkatapos ay may madilim na kapanahunang humarang sa kanila. Pagkatapos sa kalagitnaan ng araw, si Luther, at Wesley, at iba pa, ay nagsipasok. At pagkatapos ay magkakaroon ng isang pang-gabing Mensahe, at para tanggapin ang ganoon ding bagay na tinanggap nila sa pasimula. Ang pang-gabing Mensahe ay para ipanauling muli, para muling ibalik ang ganoon ding bagay.

<sup>40</sup> At alalahanin ang tungkol sa pangitain noong nakaraang linggo, na nang lumitaw ang Nobya...ang paunang pagpapakita dito. Lumitaw doon ang munting Nobya, kaibig-ibig, sa pangitain. At ako, wala sa isip ang tungkol dito; nakaupo lang doon at nakatanaw sa labas. At hayun dumarating ang Nobya. Narinig ko ang isang Tinig sa aking tabi, sabi, "Narito ang paunang pagpapakita sa Nobya." At dumaan Siya. Napansin ko Siya, ang kilos Niya, sadyang kaibig-ibig, maganda, nasa kabataan. Siya'y lumalakad ng nararapat sa Kaniya, hindi isang

martsa; sa hakbang lamang ng isang—isang babae, kung paano silang lumakad nang may kagandahan, mahinhin. Ganoon ang paglakad Niya, dumadaan sa bandang kaliwa ko sa gawing *ito*, at nawala Siya sa aking paningin.

<sup>41</sup> Pagkatapos pinabaling Niya ako sa gawing kanan, at ipinakita Niya sa akin ang bawa't iglesya habang lumilitaw sila sa mga kapanahunan. At, oh, napakasagwa! At ang pinakahuli ay itong iglesya ng huling-araw na kapanahunan, na pinangungunahan ng isang mangkukulam. At sila'y nadaramtan ng napakalalaswa, karumaldumal tingnan! At sila'y nagmamartsa sa tiyempo ng twist at rock-and-roll. At ang mga babaing 'yon ay bigay-todo sa pagkembot, na may hawak na papel lamang, abuhin, mapagkunwari, ang pina- . . . Ang abuhin ay sa pagitan ng puti at itim, na isang mapandayang kulay. Ang abuhin ay ni hindi puti o itim. Ito'y isang mapandayang kulay. At ang mukhang abuhing papel, na hawak-hawak sa kanilang harapan, na parang puntas na mga paldang hula na hinahawakan sa harap nila, at lubos na hubad mula sa kanilang baywang pataas. At nagmamartsa sa . . . o sa tiyempo, o pakembot-kembot, at nagpapakawala sa musikang iyan, naglalakad. At sabi, "Iyan ang iglesya."

<sup>42</sup> At nang dumaan ito sa tabi ko, parang nanghina ang puso ko. Naisip ko, "Kung iyan nga ba ang sinisikap na iharap kay Cristo, bilang isang Nobya? Sa lahat ng pagsisikap at mga bagay na ibinuho ng tao, para sikaping palitawin ang isang Nobya para kay Cristo; at isang malaswa, marumi, karumaldumal-tingnan na patutot katulad niyan para maging Nobya ni Cristo?" Pinanghina nito ang puso ko.

<sup>43</sup> At habang dumaraan siya, pagkatapos niyang . . . Paparating sa aming kinatatayuan, hawak-hawak niya ang papel sa kaniyang harapan, pakembot-kembot, at pagiwang-giwang, at niyuyugyog ang sarili niya sa isang panig at pagkatapos sa kabilang panig, habang siya'y dumaraan, tulad ng mga makabagong sayaw na mayroon sila sa araw na ito, ginagamit ang kaniyang sarili sa isang malaswang gawa habang nagmamartsa siya.

<sup>44</sup> Hindi ako mananagot sa ganitong mga bagay. Ang tanging masasabi ko lamang ay kung ano ang aking nakita. At ang Dios bilang aking Hukom, nguni't iyon ang iglesya mula sa U.S.A.

<sup>45</sup> Ngayon, habang dumaraan siya, ang buong likuran ay walang katakip-takip man lang. At pagkatapos habang dumaraan siya, nakaramdam ako ng panghihina at parang magkakasakit.

<sup>46</sup> Pagkatapos sabi Niya, "Magpapakitang muli ang Nobya." At narito ang Nobya ay dumating sa likuran niya, ang mismong Nobya sa kaniyang dati pa ring anyo na dumaan noong una. Pagkatapos lumukso sa tuwa ang aking puso, na malamang may

isang Nobya. At Siya'y magiging gawa sa gayunding bagay, at nadaramtan sa gayunding bagay, na tulad Niyaong sa pasimula. Siya ay tatawagin.

At alam kong iyan ang Katotohanan. Kung hindi iyan totoo, kung ganoon ang bawa't pangitaing nagkaroon ako noon ay mali. At nalalaman ng sinuman, na, walang isa mang sinabi Siya sa atin kundi pawang Katotohanan. Nangyayari ito, sadyang. . .

<sup>47</sup> At nakikita ba n'yo, kung ganoon, ang karumihan ng makabagong iglesya, na tinatawag ang kaniyang sarili na isang "iglesya"?

<sup>48</sup> Tulad ng sinabi ng isang tao noong isang araw; si Kapatid na Ruddell, isang minamahal kong kapatid, nakasandal sa pader sa dako roon ngayon. Na, nakita niya itong tulad sa isang maninipsip sa puno. At pinag-uusapan namin ito sa silid noong isang araw. At si Kapatid na Ruddell ay nabagabag tungkol sa kalalagayan ng panahon at ang—at ang pakiramdam ng espiritu sa mga iglesya sa kasalukuyan, kung paanong ito'y nagsisimulang humina. Mga ministrong nanggagaling kung saan-saan, at mga panayam dito, itinatanong, "Ano'ng nangyari, Kapatid na Branham? Ano'ng nangyari?" Oh, naku!

<sup>49</sup> Itinanonng sa akin ni Kapatid na Ruddell, "Nabubuhay ba sila sa espiritu ni Satanas, o ano?"

<sup>50</sup> Sabi ko, "Hindi, nabubuhay ang maninipsip mula sa lakas ng puno." Nabubuhay ito sapagka't, ang bungang citrus, ang isang—isang limon ay maaaring tumubo sa isang puno ng orange; nguni't hindi ito mamumunga ng mga orange, bagama't nabubuhay ito sa pamamagitan ng buhay nito.

At ang iglesya, na ipinapalagay, ay isa lamang inihugpong na maninipsip, nabubuhay sa ilalim ng pangalan ng relihiyon, sa ilalim ng pangalan ng iglesya. Ang Katoliko at ang Protestante, mga maninipsip lamang, hinuhugot ang. . .mula sa lakas ng Puno; at gayunman ipinamumunga ang kung ano nga sila, sapagka't hindi sila nagbago sa loob. Wala sila noon sa orihinal, na itinalagang plano ng Dios, iyan ang dahilan kaya kailangan nilang tanggihan ang Salita at mamunga ng ibang uri ng bunga. Ang talagang tunay na punongkahoy, sa ugat nito, ay itinalagang mamunga ng mga orange sa isang puno ng orange.

Sinabi ni Jesus, "Ako ang Puno; kayo ang mga sanga."

<sup>51</sup> Nguni't kung magsanga ng panibago ang punong iyan, ibubunga nito ang orihinal na bunga nito. At kailangang may isang pagsasauli ng lahat ng mga bagay na ito, doon mismo sa dulo ng Puno. Kailangan, may sumibol, isang pagpapanumbalik, isang panggabing Liwanag para tanglawan Ito at para maitama Ito. Nguni't uusbong ito buhat sa Puno, hindi isang denominasyong nakahugpong Dito; kundi orihinal na bunga ng Salita. Ito'y darating sa panahon ng gabi. "At

magkakaroon ng Liwanag sa panahon ng gabi.” Kinakailangan ng Liwanag para pahinugin Ito.

<sup>52</sup> Kita n’yo kung gaano kaperpekto ang Kasulatan! “Isang araw na hindi matatawag na araw o gabi.” Hindi mahihinog ang bunga malibang pahinugin ito ng araw. Kahit gaano ka pa mangaral, anuman ang iyong gawin, hindi iyon mahihinog, hindi iyon maihahayag, hindi iyon mapagtitibay; tanging sa pamamagitan lamang Niya Na nagsabi, “Ako ang Liwanag ng sanlibutan,” ang Salita. Kaya kailangang may lumitaw na isang—isang—isang Kapangyarihan, ang Espiritu Santo Mismo, para pahinugin, o para pagtibayin, o para patunayan, o para ihayag kung ano ang una na Niyang sinalita na magaganap sa araw na ito. Iyan ang ginagawa ng panggabing Liwanag. Anong panahon!

<sup>53</sup> Ang Nobya ay dumaan sa ganoon ding posisyon Niya noong naroon Siya sa pasimula. Nguni’t pinagmamasdan ko Siya na lumilihis sa paghakbang, at sinisikap na hilahin Siya pabalik. Ngayon, napakaraming maaaring sabihin tungkol sa mga bagay na ito, sa araw na ating kinabubuhayan.

<sup>54</sup> Ngayon, sinabi ni Oseas, sa 6:1, “Manumbalik sa Panginoon.” Alalahanin, sinabi niyang magsisipangalat sila, at nangalat nga sila. Sabi niya, “Sila’y manunumbalik sa Panginoon, pagkatapos nilang magsisipangalat, at gagawin Niya, tatapalan sila.” Pansinin, “Manumbalik . . . Mangalat; ang pangalawa . . . Sila’y nilapa, at binulag.” Iyan ang talagang tunay na nangyari. “Pagagalangin Niya tayo, at tatapalan tayo.”

Tulad ng Ezekiel 37, “Ang mga tuyong buto, ang libis na puno ng mga tuyong buto.” Nakita ito ni Ezekiel, ang kanilang muling pagbabalik.

Pagkatapos pansinin, sabi ni Oseas, “Pagkatapos ng dalawang araw! Pagkatapos ng dalawang araw ay magbabalik Siya sa kanila. Tatanggapin Niya tayo at bibigyan tayo, bubuhayin tayo.” Ngayon, ang *bubuhayin* ay hindi nangangahulugang “pagkabuhay na mag-uli.” Ang *bubuhayin*, doon, ay siya ring salitang ginagamit saanman, sinaliksik ko lamang ito, ibig sabihin, “isang rebaybal.” “Bubuhayin Niya tayo pagkatapos ng dalawang araw.” Iyan ay magiging, “Sa ikatlong araw ay bubuhayin Niya tayong muli, pagkatapos Niya tayong papangalatin, at bulagin tayo, at lapain tayo.”

<sup>55</sup> Alam n’yo, ang mga Judio ay binulag para sa pinakalayunin na makakita tayo. Pinaghiwa-hiwalay sila, at pinangalat, bilang isang bansa, at tinanggihan ang kanilang Mesiyas; upang ating matanggap ang Mesiyas, upang magkaroon ng bayang tinawag mula sa mga Gentil alang-alang sa Kaniyang Pangalan.

<sup>56</sup> Ngayon, dumarating ang lalaki, at tinatanggap ng babae ang kaniyang pangalan. Itong mga binulag na mga Gentil na hindi makita ang Pangalang iyan, “ang Panginoong Jesus

Cristo,” sa bautismo! Ito’y sadyang napakasaklap, nguni’t kailangang maging ganiyan ito. Ang mga Judio, kinailangan nilang—kinailangan na hindi nila makita iyan. Isa lamang ang makakakita nito; iyon ay yaong itinalagang makakita nito. Kung hindi, ay hindi ninyo kailanman makikita ito.

Hindi makita iyan ng mga Judio bilang kanilang Mesiyas. At, gayunpaman, mga iskolar sila at mga teologo, taong dalubhasa sa karunungan, nabasa ang siya ring Bibliang inyong binabasa. Ngayon, pagkatapos na maihayag ito sa atin, nakikita natin ito nang maliwanag, na iyon ang Mesiyas. Datapuwa’t, hindi nila makita ito, maging sa araw na ito ay hindi pa rin nila makita ito. Iprinopesiya na sila’y mabubulag, din.

<sup>57</sup> Ang iglesya, sa araw na ito, ay iprinopesiya na mabulag, para tanggihan ang pang-gabing Mensahe. Sinabi iyan ng Apocalipsis 3, “Ikaw ay aba, maralita,” pansinin ang kalagayan ng Nobya noong isang gabi, o ang iglesya, “hubad, bulag, at hindi nalalaman ito.” Panginoong Jesus, mahabag sa amin! Sinabi ng Bibliang “hubad” siya. Hindi ko ito nakita hanggang sa ngayon—ngayon lamang. Ang iglesyang Laodicea ay hubad. At nang lumitaw siya noong isang gabi, “hubad” siya, hindi kailanman napansin ito, “at hindi alam ito.”

<sup>58</sup> Oh, anong laking pasasalamat! Kung paano, hindi nakapagtata kang labis tayong nagpapasalamat! Ramdam kong tayo’y hindi lubos na nagpapasalamat sa mga bagay na inihahayag sa atin ng Dios.

<sup>59</sup> “Hubad.” At sinabi ng mga pangitain, ipinakita sa aking hubad siya at hindi alam ito, at “binulag.” Kung paanong binulag ang Israel para makapasok ang mga Gentil, ngayon binulag ang mga Gentil upang mailabas ang Nobya at matanggap ng Israel ang pista ng Mga Trumpeta. Sadyang tugmang-tugma!

<sup>60</sup> “Pagkalipas ng dalawang araw ay bubuhayin Niya tayo, o bibigyan tayo ng rebaybal, titipunin tayo, na mga Judio,” nangungusap tungkol sa Mga Trumpetang ito ngayon. At Kaniyang... “At tayo’y mangabubuhay sa harap Niya, o magkakaroon ng Buhay na Walang hanggan. Kita n’yo, tayo’y paroroon sa harap Niya.” Ang sabi ng Biblia rito sa Oseas, sabi, “At tayo’y mangabubuhay sa harap Niya; Buhay, magkakaroon ng Buhay sa harap Niya.” Iyan ang Mismong Buhay Niya, Walang hanggang Buhay, “magkakaroon ng Buhay sa Kaniyang harap.”

“Siyang nangagpapakabuyo sa kalayawan ay patay bagama’t siya’y buhay.” Kaya tayo... ipinangakong muli na magkakaroon ng Buhay ang Israel sa Kaniyang harapan. Siya’y namatay na, sa mga makatotohanan, at sa pistang pentecostal.

<sup>61</sup> Ngayon pansinin, nang maigi. “Pagkatapos pagkalipas ng dalawang araw.” Ngayon, hindi iyan nangangahulugang

dalawang dalawampu't apat na oras na mga araw, 'pagkat nagkaroon. . . Nangyari na iyan noon pa, daan-daang taon na ang nakalilipas. Kita n'yo? Nangangahulugan itong, "dalawang araw sa Panginoon," pagkalipas ng dalawang libong taon. Ngayon, alam ba ninyo kung gaano na katagal mula nang panahong iyon? Ito'y dalawampu't pitong daang taon na mula riyan, 'pagkat sa Oseas dito ito'y B.C. 780. 1964, kita n'yo, ito'y higit na sa dalawampu't pitong daang taong nakaraan. Sabi niya, "Pagkalipas ng dalawang araw, sa pangatlong araw, bubuhayin Niya tayong muli, at bibigyan tayo ng Buhay sa harap Niya." Diyan pumapasok ang inyong Mga Trumpeta. Iyan ang oras na ating kinabubuhayan, ang araw na ating kinabubuhayan.

<sup>62</sup> Ngayon, pinangalat sila, binulag, tinipon, at malayo pa tungo sa pangatlong araw. Nakikita ba ninyo ito? Pinangalat sila, mula sa Palestina, sa buong mundo. Binulag sila, para tanggihan ang Mesiyas. At ngayon tinipon na sila sa kanilang bayan, nahahanda na para sa Mga Trumpeta, para kilalanin ang Katubusan sa kasalanan.

Tulad ng sinabi ng Biblia, "Kapag tinanggap nila Ito, at makita Siyang may mga pilat ng pako," pagkatapos agawin ang Iglesya, "at sasabihin nila, 'Saan Mo nakuha ang mga pilat na ito?' Ang sabi Niya, 'Sa bahay ng Aking mga kaibigan.'" At ang sabi Niya, "Magbubukud-bukod sila, bawa't pamilya, at iiyak at tatangis, nang maraming araw, tulad sa isang pamilya na namatayan ng kanilang bugtong na anak." Tandaan, ganoon ang papangyayarihin ng pista ng Mga Trumpeta. "Manangis, magluksa dahil sa pinatay na Alay," at kanilang tinanggihan Ito.

<sup>63</sup> Sila'y nasa kanilang lupain na. Pinangalat sila, binulag, at tinipon ngayon. At itong lahat ay nasa ilalim ng Ikaanim na Tatak, ang kanilang Pitong Trumpeta. . . ay tumunog para tipunin sila, ang Ikaanim na Trumpeta. Ang Ikapito ay "yaong Dakilang Trumpeta," na ating tinalakay noong nakaraang Linggo. Ang Ikaanim na Trumpeta ay tumunog sa ilalim ng Ikaanim na Tatak. Tulad lamang ng pagbukas ng ating Ikaanim na Tatak, lahat sa parehong panahon; lamang, ang sa kanila ay tumunog lahat nang minsanan; kung saan, tayo ay dalawang libong taon nang nasa pistang pentecostal.

<sup>64</sup> Ngayon, dalawampu't pitong daang taon mula noong panahong iyon. Sinabi niya, "Sa pangatlong araw, tayo'y titipuning muli. Pagkalipas ng dalawang araw, sa pangatlong araw, tayo'y titipuning muli, at magkakaroon ng Buhay sa harap Niya." Nakikita ba ninyo ang pangako? Ang oras ay perpektong naisulat sa pader. Nakikita natin kung saan na tayo nabubuhay.

<sup>65</sup> Ngayon ay sa sariling bayan, naghihintay sa pista ng Mga Trumpeta, o sa pagkilala sa Pagtubos sa Kasalanan, at para maghintay sa Pagparito, para manangis sa pagtanggì nila noong

unang pakakataong tinanggihan nila Ito. Sila'y nasa kanilang sariling bayan na para riyon, naghihintay. Ano ang lahat ng mga ito . . . Lahat ay nasa tama nang posisyon.

<sup>66</sup> Bilang isang ministro ng Ebanghelyo, wala na akong nakikitang natitira pa kundi ang pag-alis ng Nobya. At kailangang agawin muna ang Nobya bago nila malaman kung ano'ng nangyari. Binihag sila, pinangalat. . . ibig kong sabihin, pinangalat sila, binulag, at tinipon ngayon. Ano'ng natitira? Ang Nobya na maialis sa daan. Naghihintay sa pag-alis ng Nobya, nang sa ganoon ay matatawag sila ng kanilang mga propeta ng Apocalipsis 11 sa pista ng Trumpeta, para ipaalam sa kanila kung ano ang kanilang ginawa.

<sup>67</sup> Tandaan, sa pagitan mismo ng Mga Tatak na iyan, lumitaw ang Ikaanim na Tatak. At may isandaan at apatnapu't apat na libo, na pinili at tinawag. At sa pagitan ng Ikaanim at Ikapitong Trumpeta, ang Apocalipsis 11 ay lumitaw roon mismo na eksaktong naaayon sa Ikaanim na Tatak.

<sup>68</sup> Ano'ng gagawin? Ano nga ba ang gagawin nito? At ito'y upang palitawin ang dalawang saksi, si Moises at si Elias, mga propeta. Na, ang tanging pinaniniwalaan lamang ng mga Judio ay ang kanilang mga propeta. At sila'y darating na may tanda ng mga propeta, at ang gawa nila ay magiging tulad sa propeta, sapagka't ganoong-ganoon ang ginawa nila.

Nagpapakita ng isang bagay, na, ang tao, kapag namatay ka o anumang, kapag nilisan mo na ang mundong ito, hindi nagbabago ang iyong kalikasan. Kung ika'y isang sinungaling ngayon, ika'y magiging isang sinungaling doon. Kung mainitin ang iyong ulo rito, magiging mainitin ang iyong ulo roon. Kung isa kang mapag-alinlangan dito, magiging isa kang mapag-alinlangan doon. Mga kalalakihan at kababaihan, panahon na para gisingin ang inyong mga sarili at siyasatin ang inyong mga sarili, at tingnan kung saan tayo nakatayo, sapagka't hindi ito mababago ng kamatayan.

<sup>69</sup> Nawala sila sa loob ng dalawang libong taon. Si Moises sa loob ng mga dalawampu't limandaang taon, at si Elias magmula pa nang . . . Halos dalawampu't limandaang taong nawala si Elias, at si Moises ay nawala, at heto sila bumabalik sa dati pa ring kalikasan at gumagawa ng ganoon pa ring mga bagay.

Walang ginagawa ang kamatayan sa isang tao maliban sa palitan ang kaniyang tirahan. Hindi binabago ang iyong kalikasan. Hindi binabago ang iyong pananampalataya. Walang binabago sa iyo kundi ang iyong tirahan.

<sup>70</sup> Kaya, alinman ang inyong kalikasan sa umagang ito! Kung ika'y isang mapag-alinlangan sa Salita ng Dios, magiging isa kang mapag-alinlangan sa dako roon. Hindi mahalaga sa akin kung gaano ka man kabanal, kung paano ka namumuhay, at kung gaano kabuti kang namumuhay, hindi ka nito babaguhin



katiting man pagka namatay, ang iyo lamang tirahan. At kung hindi mo matanggap ang buong Salita ng Dios sa paraang Ito'y nasulat, hindi mo ito magagawa Roon; kaya, huwag mag-alala, hindi ka mapupunta Roon.

Kailangang tanggapin mo Ito sa kapuspusan Nito, sa kapangyarihan ng pagpapatibay Nito at sa kapahayagan ng kung ano Ito, kung ganoon magiging kabahagi ka Nito. Tanging ang Salita lamang Niya ang ibabangon Niya, tulad sa ginawa Niya sa Kaniyang Salita noong unang umaga ng Pasko ng Pagkabuhay. Tanging ang Kaniyang Salita ang bumangon, at yaong mga nangamatay sa Kaniyang Salita, sinasampalatayanan ang Kaniyang Salita at pinagtibay ang Kaniyang Salita.

<sup>71</sup> Pansinin, ngayon, iyan ay mga dalawampu't pitong daang taon na ang nakararaan. Pansinin, pinangalat sila, binulag sila, at ngayo'y tinipon na sila. Ngayon, ang susunod na bagay ay ang tanggapin nila ang Buhay.

<sup>72</sup> At ang mga Gentil ay tinawag. Ang Nobya ay handa na. Ang Pag-agaw ay malapit na. Mapagtatanto ba natin iyan? Makakaya ba nating paniwalaan iyan? Isa ba itong kuwentong isinaysay? Isa ba itong alamat, para sa atin? Isa ba itong bagay na tila totoo? Isang bagay ba ito na ating, sa labas, makakayang paniwalaan? O, isang bagay ito na taglay natin, na bahagi natin, na ito'y higit pa sa buhay para sa atin? Ano ba ang saloobin nating taglay, sa umagang ito, sa tabernakulong ito? Tandaan, isang maliit na kawan ang tumatanggap Nito.

<sup>73</sup> Ngayon ay nasa sariling bayan, naghihintay sa Mga Trumpeta. Ngayo'y naghihintay sa pag-alis ng munting Nobya, upang ang Apocalipsis 11 ay matupad na. Ang kapanahunan ng iglesya ay tapos na; ang Mga Tatak ay nabuksan na, na pinatutunayan kung ano ang kanilang nakaligtaan sa kapanahunan ng iglesya, at ibinigay na ang Mensahe. Ang Israel ay nasa tagpo na, aleluya, nakahanda na para sa pista ng Mga Trumpeta.

<sup>74</sup> Oh, kayong mga tao sa ibang lupain kung saan mapakikingsan n'yo ang teyp na ito, hindi ba kayo magigising, kapatid ko? O, binubulag ba kayo Nito? Itatapon ba ninyo Ito at tatawagin Itong bulaang propesiya? Samantalang, Ito'y pinagtibay mismo sa inyong harapan, ng mundo, ng panahon, ng mga tao, at ng Espiritu Santo na Siyang sumulat Nito. Ito'y pinagtibay, kapuwa sa natural, sa espirituwal, sa materyal. Lahat ng sinabi Niya ay natupad at napatunayan.

<sup>75</sup> Ang Israel sa kaniyang lupain; itinaboy sila patungo roon, pinagtipun-tipon sila roon, tulad ng mga tupa. Hinabol siya ng mga lobo at tumakbo sila pabalik sa kaligtasan, sa kanilang sariling lupain. Alalahanin, ang Israel ay pinangakuan na pagpapalain lamang hangga't siya ay nasa kaniyang lupain.

Hindi kailanman pinagpapala ng Dios ang Israel sa labas ng lupain. Si Abraham ay lumabas ng lupain, pinarusahan. Bawa't umaalis sa lupain ay pinarurusahan. Maaari lamang pagpalain ng Dios ang Israel kapag nanatili siya sa kaniyang sariling lupain, at naroon siya ngayon bilang isang bansa. At ang Iglesia ay tinawag na; siya'y naghihintay na lamang sa Pag-agaw, ng pagkuha sa Nobya.

<sup>76</sup> Bukas na ang Mga Tatak. Ito'y nahayag na sa atin. Nakikita natin kung ano ang kanilang nakaligtaan. Kayo na gustong makipagtalo at sumalungat tungkol sa binhi ng serpiyente, at bautismo sa tubig, at iba pa, kayo'y binulag at hindi nalalaman ito. Binulag kayo ng dios ng sanlibutang ito, tungkol Dito, at hindi n'yo nalalaman ito. Hindi nakapagtataakang nagkaroon ako ng ganiyang pagkakataon kaninang umaga, nakikipagbaka sa mga nangliligalig na ito!

<sup>77</sup> Upang ang kanilang mga propeta ay mahayag na sa huling araw na ito; hindi mangyayari ito, hanggang sa mga Trumpeta, ng pista ng mga Trumpeta.

<sup>78</sup> Kaniyang sinabi, sa pamamagitan ni Oseas, "Aking pinutol." Ngayon masdan, ang Israel ang Kaniyang kausap. "Aking pinutol," o sa ibang salita, "Aking tinagpas, tinagpas sila, sa pamamagitan ng mga propeta." Ganiyan ang ginagawa ng Dios sa Kaniyang bayan. Tinagpas Niya sila mula sa ibang mga bansa. Sa pamamagitan ng ano? Ng Kaniyang Tabak na may dalawang-talim, ang Salita Niya. Kaniyang tinagpas sila, ang Kaniyang bayan, mula sa mga bansa. Kaniyang tinagpas ang Kaniyang bayan mula sa mga bansa, sa pamamagitan ng mga propeta, ang Kaniyang pinagtibay na Salita.

Ganoon din naman na Kaniyang tinagpas ang Kaniyang Nobya mula sa mga denominasyon, sa pamamagitan ng Kaniyang Salita; ipinangako ng Malakias 4, sa huling araw. Tinagpas palabas ang Kaniyang Nobya, pinutol Siya mula sa ibang mga iglesia! Pinutol palabas ang Kaniyang Nobya!

<sup>79</sup> Tinagpas Niya, ang Kaniyang mga propeta; sa pamamagitan, ng Kaniyang mga propeta, sa pamamagitan ng Salita ay tinatagpas Niya ang Israel. "Ihiwalay ang iyong sarili mula sa iba pa sa kanila."

Tingnan noong naisin nilang kumilos nang tulad ng iba sa kanila. Sila'y lumapit sa propeta, si Samuel. Sabi niya, "Sinamsam ko ba ang inyong salapi? Nangusap ba ako sa inyo sa anumang bagay, sa Pangalan ng Panginoon, maliban sa kung ano ang nangyari?"

Sabi nila, "Hindi, 'yan ay, tama 'yan, nguni't nais pa rin namin ng isang hari."

<sup>80</sup> Ganiyan ang ginawa ng mga simbahan. "Oh, pinaniniwalaan namin ang Salita. Ito'y mabuti, ngunit, alam mo, sinasabi nilang

kailangan naming gawin *ito*.” Hindi mahalaga sa akin kung anuman ang kanilang sinasabi. Ang Salita ay tama!

Naghihintay. Kaniyang tinagpas sila palabas, sa pamamagitan ng mga propeta.

<sup>81</sup> Ano’ng oras na ba, kapatid? Ano’ng oras na ba, ministro? Nakikita ba ninyo ang oras ng araw na ito, at ang tanda na inyong kinabubuhayan? Nauunawaan ba n’yo ito? Nakikita ba n’yo ito?

<sup>82</sup> Saanman ngayon, wala nang rebaybal. Lahat ay dumadaing, mga ministro’y nananaghoy. Binabasa ko nun ang isa sa mga—mga kilalang babasahing dumarating dito sa simbahan, isang napakagandang babasahin. At kilala ko ang patnugot, at kilala ko ang mga tao. At maka-Dios silang tao, napakabubuti, sina Kapatid na lalaki at Kapatid na babaeng Moore, ng *Herald Of His Coming*. Isa sa pinakamahuhusay na babasahin sa larangan, *Herald Of His Coming*. Datapuwa’t hindi nila halos ilalathala ang anuman malibang ito’y tungkol sa, “Mag-ayuno, manalangin! Mag-ayuno, manalangin! Magpatunog ng trumpeta! Kunin...” Ilan ang bumabasa nito? Alam ninyo. Nakikita n’yo ito palagi, “Mag-ayuno, manalangin! Mag-ayuno, manalangin!” Ito lahat ang inyong naririnig. “Mag-ayuno, manalangin! Tayo’y magkakaroon ng isang dakilang pagbubukang liwayway! May isang dakilang bagay na mangyayari! Lahat kayo, manalangin, manalangin, manalangin! Hindi pa tayo masyadong nahuhuli!”

<sup>83</sup> Bakit nila ginagawa iyan? Bakit nila ginagawa iyan? Nais nila ang isang malaking paggising. Sila’y sumisigaw, sa paniniwalang magkakaroon ng paggising. Sila’y mabubuting tao. Bakit nga ba? Ano ang kanilang ginawa? Hindi nila nakilala ang paggising ng Nobya. Kita n’yo? Sa pagiging isang Cristiano, nararamdaman nila ang hatak ng oras, nguni’t hindi nila nakilala kung ano’ng nangyari na. Iyan ang dahilan kaya ganiyan ang kanilang nararamdaman. Nalalaman nilang may bagay na mangyayari, ngunit, kita n’yo, hinahanap nila ito roon sa kinabukasan, na darating pa, ganoong ito’y nangyari na mismo sa tabi n’yo.

<sup>84</sup> Ganiyan ding bagay ang ginawa nila noong unang mga panahon. Sila’y naniniwala sa isang darating na Mesiyas. Naniwala silang may isang darating na tagapagpauna. Nguni’t nasa kalagitnaan na nila ito mismo, at hindi nila ito nalaman. Hindi nila ito nakilala. Pinaniwalaan nilang may darating na tagapagpauna na mauuna sa Mesiyas, at kanilang pinugutan siya ng ulo. At pinatay ang kanilang Mesiyas, sapagka’t iprinopesiya na bubulagin sila. Sinabi iyan ni Oseas.

<sup>85</sup> At ang siya ring Espiritu, na nangusap sa pamamagitan ni Oseas, ay nangusap sa pamamagitan ni Juan at nagsabing ang iglesya sa huling mga araw na ito ay magiging “hubad, at

bulag, at palalabasin Siya sa iglesia.” Sila’y nabigo na makita ang mga propesiyang ’yun na natupad. Ngunit, bilang naroroon, napagtatanto nilang may bagay na dapat mangyari. Hindi lang nila makuha ito. Hindi nila maunawaan ito. Katulad na katulad ng sinaunang mga Judio; binulag na Laodicea; mga kayamanan, teolohiya, laban sa Iglesia, laban sa Mensahe. Tingnan kung gaano kasama ang mga Judiong ’yon kay Juan. Tingnan kung gaano sila kasama kay Jesus, ganoong Siya yaong Mismong sinabi nilang kanilang hinahanap.

[Umuugong ang kagamitang pampalakas ng tunog—Pat.] Sa palagay ko’y pumutok ang ating fuse. Sa palagay ko’y pinahinto niyan ’yung mga teyp rekorder, din. Hindi. Mabuti.

<sup>86</sup> Sila’y laban sa Mensahe.

Ang nangyayari, ay labis na puwersa; bawa’t isa sa inyo lahat ay may taglay na init. Walang anumang paraan para mapanatili ang Iglesia sa sakdal na kalagayang katamtaman, sa ilalim ng ganoong mga pagkakataon. Sapagka’t, kita n’yo, bawa’t isa sa inyo ay 98 BTU’s, ang karaniwan. At hindi lang kayo basta nakaupo riyan nang ganiyan; kayo’y patuloy na naglalabas ng init. May sapat na hangin dito sa loob ngayon para palamigin ang lugar. Ngunit, dahil sa gumaganang pampainit, kayo—hindi n’yo magagawa ito.

<sup>87</sup> Pansinin, laban! Ngunit, ngayon, tulad ng mga sinaunang Judio, binulag! Sila’y nasa Laodicea. Sila’y “hubad, maralita, aba, at hindi nalalaman ito.” Araw ng mga kasaganaan, magagaling na maka-teolohiyang katuruan, magagaling na pinag-aralan, at ngayon naging laban sila sa Mensahe. Ayaw nilang magkaroon ng anumang kinalaman Dito, tulad lamang ito noong mga panahong nasa lupa si Jesus ng Nazaret.

<sup>88</sup> Ang dahilan na ang mga tao, sa kaarawan ni Noe, ay hindi pumasok sa daong, dahil sa hindi nila nakilala ang mensahe maging ang mensahero. Iyan ang tanging dahilan kaya nangamatay sila, ay sa dahilang hindi nila nakilala ang panahong kanilang kinabubuhayan. Hindi nila napagtanto na parurusahan ng Dios ang kasalanan gaya ng ipinangako Niyang Kaniyang gagawin. “Kaniyang lilipulin ang tao, sa ibabaw ng mundo.” Kaniyang ipinopesiya ito. Gagawin Niya ito. At gagawin Niya ito sa araw na ito tulad ng ginawa Niya noon.

<sup>89</sup> Nguni’t ang mga tao, sa halip na maging kasang-ayon ni Noe, itinuring siya na isang di-sibilisado. Hindi nila pinaniwalaang isa siyang propeta. Alam n’yo, si Jesus, ang Kaniya Mismong Sarili, sinabi sa atin kung paano silang nanuya noong mga kaarawan ni Noe, ginawa siyang katatawanan, tinawag siyang isang panatiko at kung anu-ano pa. Nguni’t hindi nila nakilala ang kanilang oras, hindi nila nakilala ang kanilang araw. Hindi nila nakilala ang tanda. Hindi nila nakilala ang mensahe. Hindi nila nakilala ang mensahero, bagkus inilagay siya sa kanilang

kalagitnaan at pinagtawanan siya. Sinabi ni Jesus, “Kung paano sa mga kaarawan ni Noe!”

<sup>90</sup> Samantalang nasa kaniyang bayan ang Israel, at lahat ay nakaayos na ngayon, at ang Mensahe ay ganap na ganap nang kumikilos papasok, ano’ng araw na ang ating kinabubuhayan, kapatid? Nasaan na ba tayo?

<sup>91</sup> Hindi nila nalaman ang araw. Hindi nila alam. Iyan ang dahilan kaya napalampas nila ito, ay dahil sa hindi nila nakilala ito. Sila’y tulad sa araw, para bang katulad na katulad sa mga tao sa kasalakuyan, binulag ng mga katibayang maka-aghams, ng mga sistemang pang-edukasyon, ng mga seminaryong pang-teolohiya. At mga bagay-bagay na bumulag sa kanila sa araw na iyon, ginawa nito ang gayun ding bagay sa araw na ito. Ito’y bumulag sa kanila, muli.

<sup>92</sup> At, ganoon din naman, ang kasimplihan, ang kasimplihan ng mensahe at ng mensahero! Si Noe ay hindi maka-aghams. Hindi siya edukadong tao. Isa siyang hamak na magsasaka, mapagpakumbaba, na may isang simpleng mensahe. Napakasimple nito noon para sa kanilang matataas na pinag-aralan.

Ganoon din ito sa araw na ito! Parating ginagawa itong pangkaraniwan ng Dios, para kunin ang mga taong sasampalataya at magtitiwala sa Kaniya. Ito’y naiiba, sadyang isang naiibang Mensahe, nguni’t siya ring Dios. Ngayon nais kong paniwalaan ninyo Ito at unawaing ipinangusap Ito ng Dios.

<sup>93</sup> Sinabi ni Jesus na tinuya nila ang Kaniyang propeta, si Noe. At kung papaanong nanuya sila noong panahong iyon, gagawin din naman nila itong muli sa Kaniyang Pagparito. Gagawin nila ang ganoon ding bagay.

Iyan ang dahilan kaya nalunod si Faraon sa dagat. Hindi niya kailanman nakilala ang kaniyang panahon. Hindi niya kailanman nakilala kung ano ang nangyayari. Masyado siyang natangay sa mga gawa ng kaniyang maka-aghams na kapanahunan, na magtayo ng mga lungsod sa pamamagitan ng pagpapakahirap ng alipin. Masyado siyang—masyado siyang abala, para makilala ang pagkakataong meron siya, at itinaboy niya ang mensaherong-propeta ng Dios doon sa ilang. Hindi niya nakilala ito. Iyan ang dahilan kaya ang mga bagay ay nangyari nang ganoon. Hindi niya kailanman nakilala ito. Kung nakilala lamang niya ang ipinangakong Salita ng Dios, sa mga taong iyon!

<sup>94</sup> At kung makikilala lamang ng mga iglesya sa araw na ito, kung makikilala lamang ng mga iglesya ang Salita ng Dios na siyang may gawa ng pangakong ito sa araw na ito, sa mga tao, hindi sila mapapahamak.

Kung magagawang kilalanin lamang ng Amerika ang saligang-batas na ginawa niya, hindi niya pahihintulutang alisin

ang mga Biblia sa mga paaralan, burahin ang Pangalan ng Dios sa mga barya, at manumpa ng katapatan sa ilalim ng Dios. Nguni't hindi niya kinikilala ito. Bakit? Bulag siya, hubad. Hindi niya makilala ang dugo niyaong mga mahal na mga kalalaking kabataan na nangamatay sa mga larangan para sa pribilehiyong ito. Sila'y kinalimutan na; sila'y mga alabok na.

<sup>95</sup> Nguni't may Isa Na nakakaalala sa nabubong dugo ng mga propeta, ang halaga na kinailangan para ihatid ang Ebanghelyong ito sa atin sa araw na ito. Kung paanong nilapa ng mga leon ang libo-libo, at itinapon sa mga kulungan, nilagari, sinunog, ipinako sa krus! Kinikilala ito ng Dios.

Nakalimutan na ng iglesya ang kanilang mga propeta. Kanilang “hindi na sila kailangan pa,” sinasabi nila. Nguni't batid ng Dios na kailangan Niyang makuha sila; Kaniyang pinuputol ang Kaniyang bayan sa pamamagitan ng Kaniyang Salita. Nguni't Ito'y masyadong makaluma para sa kanila sa araw na ito. Hindi nila nakikilala Ito. Iyan ang dahilan kaya sila'y nasadlak sa kinaroroonan nilang kalagayan. Iyan ang dahilan kaya sila'y “hubad, maralita, bulag, aba, at hindi nalalaman ito,” sapagka't hindi nila nakikilala ang oras na ating kinabubuhayan. Hindi nila napapansin ito.

<sup>96</sup> Si Moises, nakilala niya ang kaniyang araw at ang kaniyang pagkatawag, nang makita niya ang pangako ng Salita ng Dios para sa araw na iyon na pinagtibay. Batid niya noon, at napagtanto kung sino siya at kung ano ang kaniyang gagawin, sa pamamagitan ng ipinangakong Salita. Kaya hindi siya natakot kung ano ang sabihin ng sinuman. Hindi niya ikinahiya ang kaniyang mensahe, bagama't bawa't saserdote at bawa't faraon, lahat na, bawa't kapangyarihan, ay hindi sumang-ayon sa kaniya. Nguni't nakilala niya nang makita niya ang Liwanag na iyon, yaong Haliging Apoy na naroon sa palumpong na iyon, at ipinangusap sa kaniya ang Salitang ipinangako para sa araw na yaon, at nagsabi, “Tinawag Kita para humayong gawin ito.” Hindi siya natakot sa—sa matitinding pagbabanta ng hari. Pumaroon siya upang dalhin ang mga taong iyon sa isang exodo, tulad ng ipinangako ng Salita ng Dios.

<sup>97</sup> Nakikitang ang pangako ay pinagtibay, inihanda niya ang mga tao sa kanilang paglabas. Kailan? Nang makita niya ang pangako ng Dios na pinagtibay. Alalahanin, siya'y namuhay sa pamamagitan ng kaniyang teolohiya; siya'y namuhay sa pamamagitan ng kaniyang pinagsanayan. Nguni't nang makita niya ang Salita ng Dios na nahayag, nakita niya Itong pinagtibay, “AKO NGA SI AKO NGA,” nang magkaganoon hindi na niya inalintana kung anuman ang sabihin ninuman. Hindi siya natakot kung ano ang gagawin ni Faraon sa kaniya. Hindi siya natakot kung ano ang gagawin ng iba pa sa kanila. Dios lamang ang kaniyang kinatakutan, na baka magkamali siya sa pagkaintindi sa Dios, o sa ibang paraan na baka magkamali

siya sa pagkaintindi sa Dios. Hindi niya kinatakutan ang mga tao at kung anuman ang kanilang sasabihin o kung anuman ang kanilang gagawin. Tanging Dios lamang ang kaniyang kinatakutan, pagkatapos niyang makilalang ito ang Salita ng Dios.

<sup>98</sup> Hindi niya maunawaan kung paanong isusugo roon ang isang taong katulad niya. Nguni't nang mapag-unawa niya, sa pamamagitan ng pinagtibay na Salita, kung ano iyon, nang magkaganoon hindi na niya kinatakutan ang mga utos ng hari. Kung inyo lamang makikilala, kung makikilala lamang natin sa araw na ito! Nakilala ito ni Moises nang makita niyang pinagtibay ang Salita, nakitang pinatotohanan ang bindikasyon, Siya ay handa na para sa pagpalabas sa mga tao.

Hindi nakilala ni Job na 'yun ang Dios. Hangga't magagawa ng diyablong—magagawang papaniwalain kayo pagka minsan na ang mga maliliit na pagsubok na inyong nararanasan ay—ay maaring ang Dios. . . pinarurusahan kayo! Ang Dios ito na sinisikap na ipakita sa kaniya ang isang bagay. Hindi iyon nalaman ni Job hanggang sa makakita siya ng isang pangitain. Tulad ni Moises; nang makita ni Moises ang pangitain, ang Haliging Apoy sa palumpong, pinagtibay ito. At nang . . .

Si Job, sa kaniyang katanungan, “Kung mamatay ang isang tao, mabubuhay pa ba siyang muli? Nakikita ko ang isang punongkahoy na namamatay, at nabubuhay itong muli. Nakikita ko ang isang bulaklak na namamatay, at nabubuhay itong muli.” Iyon ang katanungan niya. “Nguni't ang tao ay nabubuwal, siya'y nalalagutan ng hininga, natutunaw. Ang kaniyang mga anak ay nananangis, at hindi niya ito nalalaman. Oh, nawa'y ikubli Mo ako sa libingan hanggang sa ang Iyong poot ay makaraan!” Hindi niya maunawaan kung bakit namamatay ang isang bulaklak at nabubuhay muli, kung paanong nalalagas ang isang dahon sa puno, babagsak, at mahihimlay sa lupa, at babalik muli sa tagsibol. Sabi niya, “Ang tao ay nabubuwal, at saan siya pumupunta? Naniniwala ako sa Dios; nguni't ano ang nangyayari sa isang tao?”

<sup>99</sup> Nguni't pagkatapos isang araw ay nagsimulang kumidlat, nagsimulang umugong ang mga kulog, lumukob ang Espiritu sa propeta. At nakita niya ang pagdating ng isang Lalaki Na makapag-uunat ng Kaniyang kamay sa isang makasalanan, at sa isang banal na Dios, at makapagtutulay sa daan. Pagkatapos sumigaw siya, “Alam kong nabubuhay ang aking Manunubos! Bagama't gibain ng mga uod ang katawang ito, gayunma'y makikita ko ang Dios sa aking laman!” Naunawaan niya kung ano ang pagkabuhay na mag-uli.

<sup>100</sup> Hindi nakilala ni Balaam ang Anghel hanggang sa magsalita ng mga wika ang mula. Hindi napagkilala ni Balaam na isang Anghel ang nakatayo sa kaniyang daan. Ang isang bulag

na mangangaral ay hindi mapagkikilala na ang Dios yaong nakatayo sa daraanan, sinisikap na pigilan siyang ipagbili ang kaniyang kaloob kapalit ng pera. At nang magsalita ang mula sa tinig ng isang tao, nang magkaganoon napag-alaman ni Balaam na iyon ang Anghel na nakatayo sa kaniyang daraanan, sinisikap na pigilan siya sa paggawa ng kaniyang binabalak.

<sup>101</sup> Oh, kayong mga binulang na denominasyon! Kung nagawang gamitin ng Dios ang isang mula, na hindi makapagsalita, para mangusap sa isang wikang hindi niya alam, para ihayag sa isang ministrong siya'y lihis na sa daan, hindi ba Niya maaaring gamitin ang isang tao para gawin ang ganoon ding bagay? Mga binulang na tao!

<sup>102</sup> Kung nakilala lang ni Achab ang kaniyang araw, maaaring hindi niya nahatulan ang propeta, si Micheas, na taglay ang pangakong Salita ng Dios sa kaniya.

<sup>103</sup> Nang tumayo roon si Achab nang araw na iyon, siya at—at si Josaphat. At samantalang may apat na raang propeta silang naroroon nagproposesiya, nagsasabi, “Umahon ka! Ang lahat ay mabuti. Achab, ika'y namumuhay sa kasalanan. Ginawa mo kaming malaking denominasyon! Kami'y mga tanyag na tao. Kami'y isang malaking ministryo. Narito kami, kami'y apat na raang sinanay na mga saserdote, o mga propeta. Apat na raan kami, sinanay sa Salita at teolohiya. Alam naming lahat ang tungkol Dito.”

<sup>104</sup> Kaya, ngayon, napatunayang hindi nila alam lahat ang tungkol Dito. Ang taong binansagan nilang isang baliw, sa henerasyong nauna sa kanila, si Elias, ang tunay na propeta ng Dios, ay nagproposesiya, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ‘Hihimuran ng mga aso ang iyong dugo, Achab!’” Kita n'yo?

<sup>105</sup> Ngunit yaong mga saserdote, gawang-tao na mga propeta, inakalang naisaayos na nila Itong lahat nang mabuti. Sabi nila, “Amang Abraham...o, Amang Achab, umahon ka! Ang Panginoon ay sumasaiyo. May batayan ka sa Kasulatan, sapagka't ibinigay ng Dios ang lupaing ito sa Israel. Pag-aari ito ng Israel. Umahon ka! Ang Panginoon ay sumasaiyo.” Oh, naku!

<sup>106</sup> Ngunit, alam n'yo, si Josaphat, isang hindi nakisama sa kasalanan na hindi kagaya ni Achab, nakita niya ang mga bagay na may kaunting kaibahan. Sabi niya, “Wala na bang isa pa?”

<sup>107</sup> Sabi niya, “May isa pa kami rito, kaya lang kinapopootan ko siya.” Kita n'yo? Ano ang ginagawa ng Dios? Tinatagpas ang Kaniyang bayan, sa pamamagitan ng isang propeta, muli. “Kinapopootan ko siya. Wala siyang ginawa kundi ang tuligsain ako sa lahat ng oras. At alam mong ako'y isang dakilang tao. Hindi ako magkakaroon ng seminaryong ito rito kung hindi ako isang dakilang mananampalataya. Mayroon akong mga dalubhasang tao. Itinalaga ko sila roong may mga aklat at mga



Biblia, at lahat na, para ituro ito. At alam kong mahuhusay na mga tao sila.”

Nguni't kung nakilala lamang ni Achab kung sino ang lalaking iyon, itong hamak at magaspang-tingnan na munting lalaki, ang anak ni Imla, nakatayo roon, nagsabi sa kaniya, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON,” hindi na sana niya nagawa yaong matinding pagkakamaling iyon na kaniyang ginawa. Nguni't hinatulan niya si Micheas. Hindi niya kailanman. . .

Oh, mga tao, kilalanin ang kapanahunang inyong kinabubuhayan! Tingnan kung ano'ng nangyari. Tingnan kung ano'ng ipinangako. Kilalanin ang araw na inyong kinabubuhayan.

<sup>108</sup> Kung ang mga iglesyang denominasyon sa araw na ito ay magagawa lamang na mapag-unawa kung bakit sila nahahatulan, at umaalis ang mga miyembro nila sa kanila, tulad ng Israel mula sa Egipto! Kung ititigil lamang ng mga denominasyon ang paghahatol sa mga teyp na iyan, at makikinig sa mga ito! At kayo, mangangaral, na nakikinig sa teyp na ito, makinig kayo! Kung makikilala lamang ninyo ang oras na inyong kinabubuhayan, kung makikilala lamang ninyo ang tanda ng panahon, mauunawaan n'yo kung bakit umaalis ang mga tao mula sa mga denominasyong 'yan. Ang Espiritu ng Panginoon, nananawagan! “Walang taong makalalapit sa Akin,” sinabi ni Jesus, “malibang palapitin siya ng Aking Ama. At lahat ng nasa Ama, noong nakaraang mga panahon, na ibinigay sa Akin, ay lalapit.”

<sup>109</sup> Tulad ng munting babae sa balon, at ang saserdote, gaano ang pagkakaiba nila! Ang sulat-kamay ay nasa pader ng araw na ito, muli. Nakikita nila ito, nguni't hindi nila nakikilala ito.

<sup>110</sup> Kung nakikilala lamang ng mga Judio ang ipinangakong tanda ng kanilang Mesiyas, sang-ayon sa kanilang huling propeta! Ang sabi ng Malakias 3, “Narito, Aking sinusugo ang Aking sugo sa Aking harapan, at ihahanda ang daan.” At ipinahayag nila na kanila Siyang hinahanap.

<sup>111</sup> Anong—anong tugmang-tugmang pagkakahalintulad hanggang sa—sa araw na ito! Sila'y nagpapahayag na naghihintay sila ng isang bagay na mangyayari. Ang mga iglesya ay lahat nananalangin at nag-aayuno, at nagsasabi, “Manalangin tayo ngayon. Magsama-sama tayo. Kailangan tayong magkaroon ng isang dakilang bagay na mangyayari. Alam nating may isang dakilang bagay na mangyayari. Ang Iglesya ay kinakailangang maghanda na.” Iyan ang kanilang idinadalangin.

<sup>112</sup> Iyan ang kanilang ipinapanalangin doon. At dumating doon si Juan Bautista. Sa dahilang, tinanggihan niya ang kanilang mga seminaryo, sapagka't taliwas ang ginawa niya sa itinuro ng

kanilang mga ama. Lumabas siya mula sa ilang nang walang pinag-aralan. Lumitaw siyang hindi nakaayos ang kaniyang kuwelyo, gaya ng kasabihan nila sa araw na ito. Lumabas siyang walang taglay na isang malaking bungkos ng teolohiya. Nguni't dumating siya, nalalamang sa pamamagitan ng pangako ng Dios na kaniyang ipakikilala ang Mesiyas.

Sabi niya, "Siya'y nakatayo sa inyong kalagitnaan ngayon." At inakala nilang baliw siya, sapagka't hindi siya nanggaling sa kanilang mga paaralan. Ang sulat-kamay ay nasa pader, at hindi nila alam ito. Sinabi nilang naghahanap sila ng ganoong Taong darating; at naroon Siya mismo sa kanilang kalagitnaan. At hindi nila nakilala Siya, bagama't sinasabi nilang hinahanap nila Siya.

<sup>113</sup> Kapareho lamang, gaya ng mga Judio, kung saan sila naroon, tulad ng mga Gentil sa ganang kanila, 'pagkat naipropesiya itong ganoon din, parehong bagay. Nagsabing kanilang hinahanap Siya. Nguni't ang mga denominasyon ngayon sa Gentil, na kapanahunang Laodicea ay kasing bulag nila, sapagka't (bakit?) iprinopesiyang magkakaganoon sila. Kailangan itong mangyari.

<sup>114</sup> Kung ang Israel lamang ay mapagkilala ang kanilang tanda, maaaring kanilang nalaman na ang panahon ng paglitaw ng Mesiyas ay malapit na. Kung nakilala nila!

Alam n'yo, ang—sinabi iyan ng mga alagad kay Jesus. "Bakit sinasabi ng mga eskriba, na, 'kailangang pumarito muna si Elias?'"

<sup>115</sup> At sinabi ni Jesus, "Dumating na si Elias, at hindi nila siya nakilala. Siya'y naparito na, at pinatay na nila siya. Tinupad nila nang eksakto kung ano ang sinabi ng Kasulatan na gagawin nila."

<sup>116</sup> Kung nakilala lamang sana nila, na yaong "panatikong" iyon na bumatikos sa bawa't doble-karang bagay na kanilang ginawa, na bumatikos sa lahat ng kanilang ginagawa. . .Sabi niya, "Kayong mga mapagkunwari! Huwag magsimulang. . . Mga ahas sa damuhan, kayong lahi ng mga ulupong, sino ang nagbabala sa inyo upang magsitakas mula sa galit na darating? Huwag isipin sa inyong mga sarili, 'Si Abraham ang aming ama. May *ganito* kami, *ganiyan*, o *iba pa*.' Sapagka't sinasabi ko sa inyo, na mangyayaring makapagpalitaw ang Dios sa mga batong ito ng mga anak kay Abraham."

<sup>117</sup> Huwag n'yong simulang isiping hawak n'yo ang World Council sa inyong kamay, at nasa inyo ang pinakamahuhusay manamit na mga kasapi niyan. Kaya ng Dios na sa mga dagang lansangang nasa labas rito na magpalitaw ng mga anak para matupad ang Kaniyang Salita; mga patutot, mga babaeng bayaran, mga lasenggo, mga sugarol. Kaya Niyang gawin ito. Siya'y Dios pa rin.

118 Mga binulag na denominasyon, tulad ng binulag na Israel, kapuwa iprinopesiyang magiging ganoon. Ipinapakita ko sa inyo ang mga pagkakatulad, hanggang sa makarating ako sa dakong ito na nais ko ngayon. Binulag, tulad ng—ng mga denominasyon ng mga Gentil ng Kapanahunang Laodicea, ay binulag sa araw na ito tulad nila noon.

119 Ang Kapanahunang Laodicea ay ipinapalagay na tatanggap ng isang Mensahe! Sinabi ng Malakias 4 na tatanggap nga sila.

Nguni't ano ang hinahanap nila? "Ang denominasyon namin ang panggagalingan Nito. Kapag hindi Ito dumating sa pamamagitan namin, ang Baptist, ang Presbyterian, ang—ang Assemblies, ang Oneness, may isang . . . kapag hindi nagmula sa amin Ito, hindi Ito totoo."

Katulad din ng kanilang ginawa noong araw na iyon! At dumating ito at umalis, at hindi nila nalaman ito. Hindi nila nakilala ito, bagama't tinupad nito ang bawa't Salita. Sabi ni Jesus, "Ginawa nila kung ano ang anumang kanilang inibig gawin. Ganoon din ang gagawin nila sa Anak ng tao," tatanggihan Siya.

120 Ngayon pansinin, ganoon din ngayon sa mga kaarawan ng Gentil, sang-ayon sa mga ipinangakong Kasulatan ng Malakias 4.

Na, sinabi ni Jesus, "Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan, at walang isa mang katiting Nito ang hindi matutupad." Walang makapipigil sa Kasulatan sa katuparan nito. Lahat ay kailangang matupad. At sinabi ni Jesus na mangyayari ito. At dito'y nakita nating natupad ito. Nakita natin ito.

121 "Pagsasauli" ng ano, sa huling mga araw na ito? Kayong mga kapatirang sa denominasyon, makinig! Ibabalik ang pentecostal, ang orihinal na pista. Kung papaano Ito sa pasimula, ganoon din namang isasauli Ito bago tutunog ang pista ng Trumpeta ng Israel. Kailangang maisauli! Kailangang may isang bagay na gagawa nito. Sinabi ng Malakias 4 na papagbabaliking-loob nito ang Pananampalataya ng mga ama, sa mga anak, ang mangyayari.

122 Kung nakilala sana ng Israel ang kanilang Mesiyas, ang ipinangakong tanda, hindi sana sila humantong sa kanilang kinaroroonan ngayon. Kung sila'y . . . Nguni't bakit hindi nila ginawa iyon? Ito'y kahabag-habag. Bakit hindi nila ginawa iyon? Dahil sinabi ng Dios na hindi nila gagawin iyon. Ilan ang naniniwala riyang, magsabi, "Amen." [Sinabing kongregasyon, "Amen!"—Pat.] Sinabi ng Dios na hindi nila gagawin iyon.

At ito'y ang siya ring Dios na nagsabi, sa Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea, na mangyayari ito, at heto na nga ito sa kanilang harapan. Papaano sila makagagawa ng anuman malibang gawin ito?

<sup>123</sup> Kung nakilala lamang nila ang ipinangakong tanda ng Mesiyas, ang tanda ng Anak ng tao! Dumating Siya sa pangalan ng Anak ng tao. Ngayon, Siya ay nasa pangalan, mula sa simula at wakas ng kapanahunang Pentecostal, sa Espiritu Santo, ang Anak ng Dios. Ngayon, ang susunod na bagay ay ang Milenyum, ang Anak ni David. Tatlong “Mga Anak,” iisang Dios. Iisa, “Ama, Anak, Espiritu Santo,” iisang Dios. Anak ni David, Anak ng Dios. . . Ang Anak ni David, Anak ng tao, Anak ng Dios, ay iisang Dios sa lahat ng panahon, sa tatlo lamang na magkakaibang opisina.

<sup>124</sup> Gayundin naman na ang “Ama, Anak, at Espiritu Santo” ay hindi tatlong Dios, kundi iisang Dios sa tatlong dispensasyon, tatlong opisina, bilang Ama, Anak, at Espiritu Santo.

Ngunit, tulad sa araw na ito, binulag ng tradisyon kung paano sa kanila noon, binulag ng tradisyon, hindi nila nakikita ito. Bakit hindi nila makita ito? Hindi nila kailanman makikita ito. Tandaan, iyan ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

Sasabihin, “Kung ganoon bakit mo sinasabi ito?”

Tulad lamang sa ginawa ni Juan, tulad ng ginawa ng iba pa sa kanila. May isang nananatili dito at doon, na kailangang maipalabas. Oh, tupa ng Dios, dinggin ang Tinig ng Dios! “Dinirinig ng Aking tupa ang Aking Tinig.”

<sup>125</sup> Nakilala ng babae sa balon ang kaniyang araw, sa pamamagitan ng tanda ng Mesiyas. Siya ay nasa hindi mabuting kalagayan. Ayaw niyang makipaglokohan sa mga matatandang iglesyang iyon, sa kanilang pinaggagagawa. Namumuhay sila sa anumang paraan, at, ang mga bagay na kanilang ginagawa, hindi siya naniwala sa bagay na iyan. Nguni’t batid niyang may Isang darating isang araw. Ang kawawang munting nilalang doon, sa daan patungo sa balon; natagpuan niya ang Bagay na iyon na kaniyang hinahanap, nang Kaniyang simulang ihayag sa kaniya ang lihim ng puso niya, sinabi sa kaniya ang kasalanang ipinapamuhay niya.

Sabi niya, “Ginoo, napagtatanto ko na Ika’y isang Propeta.” Ngayon, hindi sila nagkaroon ng isa man lang sa loob ng apat na raang taon. Sabi, “Napagtatanto ko na Ika’y isang Propeta. At nalalaman kong kapag dumating na ang Mesiyas gagawin Niya ang mga bagay na ito.”

Sabi Niya, “Ako nga Siya.”

<sup>126</sup> Nakilala niya. Wala nang katanungan, “Paano Mo mapatutunayan ito?” Napatunayan na ito. “Kapag dumating na ang Mesiyas, ito ang Kaniyang gagawin.”

Buweno, kung makikilala niya ito sa pamamagitan ng mga Kasulatan, hindi ba natin makikilala ang mga panggabing Liwanag at ang tanda ng araw na ito?

“Nalalaman naming kapag dumating na ang Mesiyas ipakikita Niya sa amin ang lahat ng mga bagay na ito. Sasabihin Niya ito sa amin.”

Ang sabi Niya, “Ako nga Siya na nagsasalita sa iyo.”

<sup>127</sup> Wala nang pagtatanong. Humayo siya, at sinabi niya sa mga tao, “Halikayo, tingnan n’yo! Narito Siya.” Wala nang katanungan pa sa kaniya. Nasapatan na ito, sapagka’t nakilala niya ang araw na kaniyang kinabubuhayan. Nakilala niya ito.

<sup>128</sup> Ganoon din si Natanael, isang dakilang Hebreo, nang makita niya yaong tanda ng Mesiyas na ipinangako roon; kahit gaano pa karaming saserdote, gaano pa karaming iba pa.

Anong ginawa nito? Nabagabag ang mga saserdote, na makita yaong mga taong nililisan ang mga simbahan at umaalis. Sabi niya, “Kung mayroon man sa inyo ang dumalo sa Kaniyang pagtitipon, kayo’y ititiwalag. Tatanggalin namin kayo agad sa denominasyon.”

<sup>129</sup> Ganoon din ito sa araw na ito. “Tatanggalin namin kayo sa aming organisasyon kung dadalo kayo sa kaniyang pagtitipon.”

<sup>130</sup> Naaalala n’yo ba ’yung bulag na tao? Hindi man lang makasagot ’yung ama at ina; natakot sila. Sapagka’t, sabi nila, “Sinumang nakipagkita kay Jesus, o—o dumalo sa Kaniyang mga pagtitipon, ititiwalag sila.” Ngunit, kayang magsalita ng bulag na iyon para sa kaniyang sarili, siya na dating bulag ay nakakakita na pagkatapos.

<sup>131</sup> Ako, na dating bulag, ay nakakakita na ngayon. Ako, na hindi noon alam ang mga bagay na ito, Ito’y inihayag na sa akin ng Espiritu Santo. Bumitiw na, mga denominasyon, sapagka’t sila’y darating, paanoman! “Kung mataas Ako mula sa lupa, palalapitin Ko ang lahat ng tao sa Akin.”

<sup>132</sup> Nakilala ito ni Natanael. Nalaman niya ito.

<sup>133</sup> Tulad lamang ng mga katibayan ni Moises na ayon sa Kasulatan, pinagtibay na Salita. Alam ni Moises na iyon ang pangako ng araw iyon, sapagka’t ayon sa Kasulatan ito, kahit na gaano pa man itong kakaiba. Sabi niya, “Sino ang masasabi ko sa kanila . . . Sasabihin ko sa kanilang nakakita ako ng isang Liwanag dito sa ilang. Paano ko sasabihin sa kanila ngayon na may isang Liwanag dito, at inatasan ako ng Liwanag na ito na bumaba roon?”

Sabi Niya, “Tiyak, Moises, Ako’y sasaiyo.” At hindi lamang. . .

<sup>134</sup> Hindi Niya ipinakita ang Kaniyang Sarili doon sa Egipto; sa pamamagitan lamang ng mga himala at mga tanda. Nguni’t noong nagawa na Niyang tipunin silang lahat, nagpakita Siyang muli sa kanila, at pinagtibay ang ministeryo ni Moises sa harap ng mga Hirang at mga tinawag. Noong ihiwalay sila ng propetang iyon mula sa bansang iyon at dalhin sila sa isang

dako, nang magkaganoon nagpakitang muli ang Haliging Apoy, at naroon sa ituktok ng Bundok ng Sinai.

<sup>135</sup> Itulad ito sa araw na ito. Amen! Sa Dios ang papuri! Ito'y higit pa sa buhay para sa akin. At ang edad ko'y nagsisimulang lumakad, at nakikita ko ang panahon ng kahalayan at imoralidad na naglilipana sa lupain at mga bagay-bagay, pagkatapos babalikan ko ang nakaraan at nakikita kung ano'ng nangyari. Lumulukso sa galak ang aking puso, nalalamang pagkalipas ng ilang sandali ay masisira itong tabernakulong tirahan na ukol sa lupa, nguni't may isa akong naghihintay sa dako roon. Sinisikap kong hatakin ang isang piling mga tao, tagpasin sila mula sa mga bagay na ito at mga bagay-bagay, para hilahin silang palabas; para ipakita sa kanila, sa pamamagitan ng mga Kasulatan, na nakatayo roon ang Dios; na may pagpapatibay ng Haliging Apoy, na nakita ng daan-daan at libo-libo, at kinunan pa Ito, noon, ng isang kamera, paulit-ulit, para patunayan ito.

<sup>136</sup> Naglitawan ang mga manggagaya. Siyanga, kailangan itong maganap. Lumitaw ang mga manggagaya sa kaarawan ni Moises at ginawa ang ganoon ding bagay. Sabi ng Dios, "Ihiwalay mo ang iyong sarili, Moises. Huwag kang makihalubilo sa kanila. Lalamunin Ko sila." At nilamon sila ng lupa. At ganoon din ito sa araw na ito; nagsisibalik sa sanlibutan, ang mga pamamaraan sa pera at lahat na. Kita n'yo?

<sup>137</sup> Ang ayon sa Kasulatang tanda ni Moises! Siya ay—siya yaong dakilang propeta ng Dios na pumaroon para ilitas sila, at nakilala nila ito. Nakilala nila ang tanda. Siya ang eksaktong pangakong ayon sa Kasulatan, na pinagtibay.

<sup>138</sup> Si Jesus yaong pangako ng Kasulatan, pinagtibay sa babae. O, Siya ang Kapaliwanagan. Si Jesus ang Kapaliwanagan ng Kasulatan. Ang Kaniyang Sariling Buhay ang nagpaliwanag sa Kasulatan.

<sup>139</sup> Hindi mo ba nakikita ng Mensahe ng kapanahunan? Nakikilala mo ba kung nasaan tayo? Ang Mensahe mismo, mula sa Kasulatan, ay ipinaliliwanag sa iyo ang oras na ating kinabubuhayan. Ito ang interpretasyon.

<sup>140</sup> Sinabi ni Jesus sa Israel, "Kung nakilala mo lamang ang iyong araw." Minsan, nakaupo roon sa Bundok ng Mga Olibo, tumanaw Siya, nagsabi, "Jerusalem, O Jerusalem!" Tumangis Siya. Tumanaw Siya sa ibaba. Nakita Niya.

Hindi sa anumang paghahambing, marahil, malayo. Noong isang gabi, isang umaga, mga alas-diyes, nang makita ko yaong patutot na iglesya. Sa kaibuturan ng inyong puso, nararamdaman ninyong lumuluha ang Espiritu Santo.

"Jerusalem, O Jerusalem, makailang inibig Kong kalingain ka. Nguni't ano ang iyong ginawa? Pinatay mo ang mga propetang isinugo Ko sa iyo. Pinaslang mo sila."

At ang mga Mensahe ay pinadala na sa iglesya, sa araw na ito, ay pinaslang na ng kanilang maka-denominasyong mga dogma. Ang Kasulatan ay pinaslang na ng kanilang mga dogma. Sinabi ni Jesus, “Kung nakilala lamang ninyo ang inyong araw! Ngunit, ito’y napakalayo na ngayon, ito’y masyadong huli na ngayon.” Ganoon din ito sa mga iglesya!

<sup>141</sup> Naniniwala ako, ng aking buong puso, lumampas na ang katubusan niya. Kahit ano pa ang nais ninyong isipin tungkol dito, ito’y inyong sariling opinyon. *Ito* ang akin. Kita n’yo? Hindi ninyo kailangang tanggapin ang aking opinyon. Nguni’t naniniwala akong lumampas na ang katubusan niya, at nakaraan na, sa nakalipas na lima o anim na taon. Natatandaan ko. Alalahanin n’yo ang Chicago. Masdan kung ano’ng nangyari magmula noon, at masdan itong patuloy na nangyayari. Kita n’yo? Tandaan, nauuna ang pangalan ko rito. Ito’y nakalakup na diyan. Iyon ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Tingnan kung hindi siya bumagsak, patuloy.

<sup>142</sup> Tingnan ang 1933, kung paanong sinabi nitong ang mga kababaihan ay kikilos sa huling mga araw na ito. Kung paanong sinabi nitong ang mga tao . . . Kung paanong si Mussolini, kung paano siya darating sa kaniyang wakas. Kung paano darating si Hitler sa isang mahiwagang wakas. Kung paanong hahantong ang tatlong ismo sa komunismo. Kung paanong hahantong ang mga sasakyan, na magmukhang itlog. At kung paanong magsusuot ang kababaihan ng mga kasuotan at magmumukhang lalaki, maging sa kanilang pang-ilalim na kasuotan; at sa bandang huli ay magsusuot ng mga dahon ng igos, tila, sa kanila. Kung paanong ang malaswang kilos, kung paano sila kikilos sa araw na ito. Tingnan kung ano ang kanilang ginawa. At ito’y mismong nasa harapan na ninyo, pagkatapos.

<sup>143</sup> Kung magagawa lamang ng kababaihang Cristiano . . . ang naturingang Cristianong kababaihan ay mapagkikilala lang, mapagtatanto na ang imoral na espiritung nasa kanila ay sa diyablo, para putulan ang kanilang buhok. Ang diyablo ang tanging gagawa niyan. Yan ay salungat sa Salita ng Dios para sa inyo, tulad lamang ito noon sa halamanan ng Eden. Ano’ng ginawa nila? Kung makikilala lamang nila! Pilit nilang sinasabi, “Oh, ang matandang holy-roller na mangangaral na iyan, nagpapahayag!” Ito’y hindi ako. Hindi ko sinasabi sa inyo kung ano ang gagawin. Binabanggit ko lamang ang Salita. Kung makikilala lamang sana nilang ito’y ang diyablo.

<sup>144</sup> Tinatawag nila ang kanilang mga sariling Cristiano. Sabi ni Jesus, “Paano ninyo Akong matatawag na, ‘Panginoon,’ at hindi ginagawa ang mga bagay na sinasabi Kong gawin?” Hindi sila maaaring maging mga Cristiano. Hindi ako ang kanilang tagahatol, nguni’t sinasabi ko lamang kung ano ang sinabi ng Salita. “Paano ninyo matatawag Akong ‘Panginoon,’ at pagkatapos hindi ginagawa ang mga bagay na sinabi Kong

gawin?” At ang kabuuan ng Salitang ito ay ang kapahayagan ni Jesus Cristo. “Paano ninyo Akong matatawag na, ‘Panginoon’?”

<sup>145</sup> Kung makikilala lamang nilang ito’y ang diyablo, isang imoral na espiritu. Ilang mabubuting kababaihan doon . . .

<sup>146</sup> Ito sa palagay ko ang pinakamasagwang lugar na aking nakita sa tanang buhay ko, ang Jeffersonville, Indiana, dahil sa mga kababaihang hubad. Nakarating na ako sa Hollywood. Nakarating na ako kung saan-saan. Nalibot ko na ang mundo, at nakita ko na ang lahat ng uri ng karumihan. Nakita ko na ito sa Paris. Nakita ko na ito sa Inglatera, na siyang nangunguna sa kanilang lahat.

<sup>147</sup> Sa palagay ko ang Inglatera balang araw ay lulubog sa ilalim ng karagatan. Nararapat ito sa kaniya; basura, dumi, walang-halaga! Iyan ang lubluban ng mundo sa kalaswaan, ang pinaka di-ayon sa Kasulatan, mga mapagtanggig mga tao na aking nakita sa tanang buhay ko. Naging ganiyan siya sapagka’t tinanggihan niya ang Katotohanan.

<sup>148</sup> Sinabi ni Billy Graham na kinailangan niyang ilabas ang kaniyang asawa mula sa mga parke; may mga sekswal na mga bagay na nagaganap sa pagitan ng mga lalaki at mga babae, mga kabataang lalaki at babae, doon mismo sa parke, lantaran. Naging isa siyang lubluban; ganoon din ang Pransya, ganoon din ang buong mundo. At ganoon din ang Estados Unidos, ang nagiging pinuno nilang lahat!

<sup>149</sup> Masdan ang araw na ito. Pinapayagan silang putulan ang mga buhok nila, magsuot ng mga syort, mga pantalon, manigarilyo, at itinuturing ang mga sarili nilang mga mananampalataya. Hindi mo ba napag-uunawa, kapatid na babae, o babae. . . Ibig kong sabihin, paumanhin, hindi ang kapatid kong babae; ang gagawa ng isang tulad niyan. Hindi ba ninyo napag-uunawang ito’y ang diyablo? Nguni’t ano . . .

Tulad ng mga Judio noong una, hindi ninyo paniniwalaan ang pinagtibay na Salita samantalang Ito’y pinatotohanan sa inyo. Nananatili kayo sa inyong maka-denominasyong mga kaugalian na nagsasabing ito’y ayos lang. Nangagsasalita kayo ng iba’t ibang wika, lumulundag kayo nang pataas-at-pababa, umaawit kayo sa espiritu, at pinuputulan ang inyong buhok. Makikinita mo bang magagawa iyan ng isang Cristiano?

Nakakita na ako ng mga diyablo, nakakita na ako ng mga mangkukulam, nakita ko na silang nagsasalita ng mga wika at nagpapaliwanag, at tumatalun-talon pataas-at-pababa at sumasayaw sa espiritu; umiinom ng dugo mula sa isang bungo ng tao, at isinusumpa ang Pangalan ni Jesus Cristo.

<sup>150</sup> Sasabihin mo, “Kaanib ako sa iglesya. Aleluya! Luwalhati sa Dios! Ako . . .” Kaanib ka sa ano?



Ang Iglesia ang Salita! At sinasabi ng Salita, “Kahiyanghiyang gawin mo ito.”

Kayong mga binulag na lipon ng mga Fariseo, inaakay silang mga kaawa-awang bata tungo sa impiyerno tulad niyan; sapagka’t kayo’y natatakot mawalan ng meal ticket, at kayo’y palalayasin ng inyong denominasyon kapag nagsimula kayo ng isang bagay patungkol Dito. Nakakahiya ka, ikaw na mapagpaimbabaw! Mahiya ka rito. Nakikitang papalapit ang oras nang ganito, at ikaw ay tumatalikod sa pamamagitan ng inyong mga tradisyon palayo sa Salita ng Dios. Pangahas ka, isang binulag!

<sup>151</sup> Hindi ba’t sinasabi ng Bibliang binulag ka? Hindi mo ba nauunawang ika’y bulag? Sinabi ng Bibliang bulag ka nga. “At hubad ka, maralita, aba, bulag, at hindi nalalaman ito.” Samantalang inaakala mong kayo ang may pinakamalaking simbahan sa lungsod, at ginagawa mo *ito, iyan*, o ang *iba pa*; at sinabi ng Bibliang ika’y totoo ngang mahirap, at ika’y bulag. At nakatayo pa rin Siya sa pintuan, sinisikap pagbilhan ka ng pangpahid ng mata; hindi ipagbili ito sa iyo, kundi ibigay ito sa iyo, at ayaw mo itong tanggapin. Tinutupad ang Kasulatan.

<sup>152</sup> Ano na nga ba ang araw na inyong kinabubuhayan, bayan? Nalalaman ba ninyo ang oras, nakikilala ba ang tanda?

<sup>153</sup> Mapagtanto lamang nila, silang kababaihan, na ’yan ang diyablo. Ito’y isang malaswang diyablo, sa pangalan ng relihiyon. Siya’y dati nang ganiyan. Lumalapit siya sa bawa’t propeta, lumalapit siya sa bawa’t pantas, lumapit siya maging kay Jesus Cristo, bilang isang relihiyosong tao. At sinabi ng Bibliang siya’y “magiging kahawig na kahawig sa mga huling araw,” na maging mga Pentecostal, “at dadayain pati na ang pinakahirang,” mula sa iglesyang Pentecostal na iyan, “kung maaari lang.” [Patlang sa teyp—Pat.]

<sup>154</sup> “Kakaunti,” ang sabi Niya, “pagkat makipot ang pintuan at makitid ang daan, at nguni’t kakaunti lamang ang makasusumpung nito. Sapagka’t kung papaanong sa mga kaarawan ni Noe, kung saan walong kaluluwa ang naligtas, ay gayundin naman sa pagdating ng Anak ng tao.” Pagnilayan ito! Ano’ng araw na ang ating kinabubuhayan? Nalalaman mo ba ang oras, nakikilala ang araw?

Marami na ang ginugugol ko sa oras n’yo, nguni’t may ilang minuto pa ako. Kita n’yo?

<sup>155</sup> Nagagawa nilang putulan ang kanilang buhok. Buweno, sinasabi nila, “Hindi iyan pinapansin ng aming iglesia.” Alam ba ninyo kung bakit? Sila’y bulag.

“Hindi masamang putulan ang inyong buhok.” Sinasabi ng Bibliang masama ito! Ito pa nga’y masagwang bagay na iyong putulan ang iyong buhok at manalangin pa rin.

Sasabihin mo, “Buweno, dapat may lambong ang isang babae.” At sinabi ng Biblia na ang kaniyang “buhok” ay ang kaniyang lambong. Hindi isang sombrero; ang kaniyang buhok!

<sup>156</sup> Ano kaya kung sinabi ni Moises, “Tatangalin ko ang aking sombrero sa halip na ang aking panyapak”? Disin sana’y hindi ito umubra. Sinabi ng Dios na “panyapak,” at panyapak ang tinutukoy ng Dios.

Sinabi Niyang “buhok,” hindi sombrero! Luwalhati sa Dios! Iyan ang gusto Niya, sigurado ako. Sa Dios ang kapurihan! Totoo Siya sa kung ano ang sinasabi Niya. Ang Kasulatan ay walang pansariling pagpapaliwanag. Hindi nangangahulugang para lamang sa inyong denominasyon; nangangahulugan Ito sa kung ano lamang ang sinasabi Nito, at Siya ang tagapagpaliwanag.

<sup>157</sup> Sasabihin, “May alam akong babaing gumagawa niyan.” Wala akong pakialam kung ano ang iyong nalalaman. Nalalaman ko kung ano ang sinabi ng Dios tungkol dito. Iakma mo ang iyong sarili.

<sup>158</sup> Kung makikilala lamang nila kung ano ito, binibini. Uh! Kung makikilala mo lamang! O, “babae,” hindi binibini.

<sup>159</sup> Nakakita ako ng isang karatula, naglalakad mula sa Blue Boar, doon sa, naniniwala akong ito’y ang Fifth Street doon, isang dakong inuman ng beer, ang sabi, “Mga mesa para sa mga binibini.” Huminto ako roon; sabi ko, “Hindi kayo nagkaroon kahit na isa man.” Hindi pupunta ang isang binibini sa ganiyang dako. Ang isang babae marahil, pero hindi ang isang binibini.

<sup>160</sup> Napansin ba n’yo, nagsimula ang pagbagsak ng mundo sa pagkaimoral ng isang babae? Alam ba ninyong ito’y sa ganiyan din magtatapos, sa pagkaimoral ng babae? At ang iglesya, isinasagisag, ng babae? Ang iglesya ay isang babae, sa espirituwal na pananalita.

Gayundin naman ang Nobya ay isang babae, sa espirituwal na pananalita.

<sup>161</sup> Ang pagkaimoral ng iglesya, kung paano ito ginawa! Tingnan ang mga pangitain, tingnan ang mga bagay-bagay, tingnan maging ang mga pangitaing ibinibigay ng Dios, at totoo ang pangitaing iyan. Nakapatong ang aking Biblia sa puso ko, sa inyong mga taong nasa teyp, at makikita ito ng mga tagapakinig. Nakita ko iyan! Batid ng Makapangyarihang Dios sa lahat na ’yan ang Katotohanan. Hindi ko ito nalaman hanggang sa ngayon-ngayon lang. Hayun siya, “hubad, at hindi nalalaman ito.” Sadyang nagsasaya siya nang husto. Hayan na nga kayo.

Nguni’t nang nagpakita na ang munting Nobya, ibang-iba ito. “Ang Alpha at Omega!” Uh-huh.

<sup>162</sup> Ang Diyablo ang gumagawa nito. Nguni’t tulad ng mga Judio nang una, nang makita nila ang Salita . . .

At sinabi ni Jesus sa Kaniyang, sinabi Niya ito sa Kaniyang mga alagad, “Saliksikin ang mga Kasulatan. Kayo, alam n’yo, kayo’y nalilito tungkol sa Akin at sa Aking ministryo. Saliksikin ang mga Kasulatan. Iniisip ninyong sa mga Ito ay may Buhay kayo na Walang-hanggan, at ang mga Ito’y nagpapatotoo tungkol sa Akin, Kanilang sinasabi sa inyo kung ano ang Aking Mensahe. Kung hindi ninyo Ako mapaniwalaan, paniwalaan ang mismong Mga Salita na ipinaliliwanag sa inyo ng Dios.”

<sup>163</sup> “Hindi natin papayagang mamuno ang Taong ito sa atin. Mayroon tayong sariling mga saserdote, at iba pa.” Magpatuloy kung ganoon, iyan lang ang masasabi. Masyado na itong huli, rin lang. Ang mga maka-denominasyong tradisyong nagsasabing ayos lang ito, nakikinig sila riyan. Gugustuhin pa nilang pakinggan. . . Pinaniniwalaan mo ang—ang salita ng—ng tao nang higit kaysa paniwala mo sa Salita ng Dios. Hindi nila nakikilala. Ang mga iglesya sa araw na ito ay hindi napagkikilala ang Ikalawang Timoteo 3. Kung kayo. . .

<sup>164</sup> Nakikita ko ang ilan sa inyong isinusulat ang Mga Kasulatan. Ngayon, ang mga ito’y Kasulatan na binabanggit ko mula mismo rito. Kung saan, kung sakaling tawagin ng sinuman ang aking pansin tungkol dito, o ang aking tulong tungkol dito, maipakikita ko sa kanila ang Kasulatan para rito. Kita n’yo?

<sup>165</sup> Hindi nila napagtatanto ang Ikalawang Timoteo 3, kung saan sinabi Nito, “Sa mga huling araw, magiging matitigas ang ulo ng mga tao, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Dios, mga walang paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, at hindi mga maibigin sa mabuti (ang Nobya), kita n’yo; na may anyo ng kabanalan, datapuwa’t tinatanggihan ang Kapangyarihan nito: lumayo ka rin naman sa mga ito. Sapagka’t ito ang uri na nagbabahay-bahay, at nag-aakay ng mga babaing haling, mga babaing haling na hinihila ng mga iba’t ibang pita, hindi natututo o hindi nakarating sa pagkaalam ng Katotohanan.” Hinding-hindi! Hindi nila gagawin ito, at ayaw nilang gawin ito. Sinabi iyan ng Dios.

At, bulag na Fariseo, hindi ba ninyo nakikita ito? Hindi ako nagagalit; ibinabaon ko lang ang pako at hinihigpitan ito. Maging ang mga iglesya ay hindi nakikilala Ito. Hindi ito mauunawaan ng kababaihan. Sila’y nararapat. . . “Mga babaing haling, na hinihila ng mga iba’t ibang pita,” ang Hollywood, lahat ng ganitong uri ng bagay, maiikling buhok, pagsusuot ng mga syorts, pagme-meyk-ap, lahat ng uri ng mga bagay na ito, na hindi nararapat. Alam ba ninyong ang babae ay gumaganap ng isang malaking bahagi sa mga huling araw?

<sup>166</sup> Alam ba ninyong sinabi ng Biblia, na, “Yaong mga makaliligtas sa malaking kapahamakang ito ay magiging isang magandang sanga sa harapan ng Panginoon”? Balang araw

tatalakayin ko ito, kung loloobin ng Panginoon, para rito, para sa inyong mga kababaihan. Ipakikita sa inyo kung ano ang iniisip ng Dios tungkol sa babaing ganap na makakaligtas sa kapahamakang ito ng araw na ito. Ang sabi, “Magiging maganda siya.”

<sup>167</sup> Narinig ko ang isang babae, noong isang araw, tumatawa sa . . . Isang batang babae, isang langkay ng mga babaing halos walang saplot, na may asal na mas mababa kaysa isang—kaysa isang inahing aso, tinatawanan ang isang matandang babaing may mahabang damit. Makinig dito, ikaw na munting baluktot na babae, may isang bagay siya na wala kang alam. May mabuti siyang asal. Hindi mo nga alam maging ang tawag dito. Naiwala mo ito sa duyan, halos. Hindi mo man lang alam ang tama sa mali; alam niya. May isang bagay na nakatago sa kaniyang puso na wala kang kaalam-alam. Naiwala mo ito; hinding-hindi na masusumpungan ito. Huwag mo siyang tatawaging makaluma, at iba pa, tulad niyan. Nalalaman niya ang isang bagay na wala kang alam. Naitago niya sa kaniyang puso, kayamanan ng kabutihang-asal. Hindi mo alam ang isa mang salita nito. Pinalaki ka nang ganiyan ng iyong nanay. Pinahintulutan ito ng iyong pastor; nagpapakita kung saan siya nakatayo. Nangangaral ako rito tungkol sa kaniya ngayon mismo. Kita n’yo? Nakita n’yo kung nasaan na kayo, ang mga iglesya?

<sup>168</sup> Sinabi ni Jesus, “Lahat ng Kasulatang ito ay kailangang matupad.” At Ito nga’y natupad.

<sup>169</sup> Pansinin, “Kung paanong si Jannes at si Jambres ay nagsilaban din naman kay Moises,” siya’y lilitaw rin, ang ilan sa kanila. Hindi, ngayon, hindi siya nangungusap tungkol sa Metodista, Baptist, dito; wala sila sa pinag-uusapan. Kita n’yo? “Subali’t kung paanong si Jannes at Jambres ay nagsilaban kay Moises at Aaron, ganoon din sila; mga taong lihis ang kaisipan patungkol sa Katotohanan,” nailihis tungo sa mga dogma at mga katuruan ng iglesya, sa halip na Biblia.

At pagkatapos magagawa nina Jannes at Jambres ang anumang magagawa ni Moises. Kita n’yo, “kung paanong si Jambres,” kita n’yo ang pagkakatulad diyan?

“Kung paanong si Jannes at Jambres ay nagsilaban kay Moises, gayundin naman ang gagawin nitong mga taong lihis ang kaisipan patungkol sa Katotohanan, ay kakalabanin Ito,” ayaw magkaroon Nito sa kanilang komunidad, hindi man lang makikipagtulungan Dito, ayaw magkaroon ng anumang kinalaman Dito. Nguni’t sabi, “Ang kanilang kahangalan ay mahahayag.” Kapag tumindig na ang Nobyang iyan at pumaitaas na sa mga alapaap, ito’y mahahayag na, huwag mag-alala; tulad ni Moises, nang kunin niya ang mga anak ng Israel, at naglabay palabas ng Egipto, at lumubog ang Egipto. Buweno.

170 Sinabi ni Jesus, “Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan, samakatuwid kailangang matupad ang lahat ng Kasulatan.” Nang Siya . . .

Kanilang tinanong Siya, sabi, “Ginagawa Mong Dios ang Iyong Sarili.”

171 Sabi Niya, “Kayo, sa inyong sariling kautusan, tinatawag yaong mga propeta na siyang dinaratnan ng Salita ng Panginoon, tinawag ninyo silang mga ‘dios,’ at ganoon nga sila.” Sabi, “Kung ganoon paano ninyo Ako mahahatulan kung sinasabi Kong Ako ang Anak ng Dios? Ang lahat ng mga Kasulatan na ito ay kinasihan; kailangang mahayag ang lahat ng Ito, kailangang matupad ang lahat ng Ito.”

Tingnan diyang, sila’y sadyang bulag na bulag, natangay sila nang husto sa salita ng tao sa halip na natangay sa Salita ng Dios. Iyan ang dahilan kaya ginagawa iyan ng kababaihan. Iyan ang dahilan kaya ginagawa iyan ng mga mangangaral. Sila’y napatangay sa obispo sa halip na kay Jesus. Sila’y natangay rito, ng kanilang—ng kanilang lalagyan ng pera, isang malaking kongregasyon.

172 Tingnan lang kung ako ba’y sikat. Kunin mo ang mga tao, palabas ng Jeffersonville, sa kung anong maliit na grupong naririto sa Jeffersonville; ibukod ang mga tagalabas, ng Jeffersonville, mula sa tabernakulong ito sa umagang ito, hindi ako magkakaroon o magkakaroon lamang ng kalahating dosenang mapapangaralan. Ano ito? Binubuo Siya ng lahat sa buong bansa; mula sa New York, mula sa Massachusetts, hanggang Boston, Maine, Tennessee, Georgia, Alabama, at sa palibot ng bansa. Sila’y nagtitipun-tipon. Amen! Iyan ang sinabi Niya. “Magkakaroon ng Liwanag sa panahon ng gabi.”

173 Hindi nila makilala ang panggabing Liwanag. Iyan ang nangyayari. Sadyang hindi niya nakikilala Ito. Sadyang bulag siya. Sinabi ng Bibliang ganiyan siya.

174 Nakamtan lamang ng Russia ang dako niya sa mundo, sa siyensiya, hindi hihigit sa mga apatnapung taon na ang nakalipas. Alam n’yo, nang maganap ang Unang Digmaang Pandaigdig, hindi nila kailanman . . . Hindi nila pinansin ang Russia. Kapatid na Roy . . . Isang langkay lamang ito ng mga mangmang, mga naglalakihang taga-Siberia, balbas-sarado, at hindi man lang alam ang kanan at kaliwang kamay. Iyan ay tama, ang Russia, nguni’t nakilala niya ang kaniyang dako. Kailangang gawin niya ito para matupad ang Kasulatan. Alam n’yo ang aking mga iprinopesiya na sinabi kong mangyayari, kung paanong magsasanib ang lahat ng mga ito sa komunismo. Ngayon pinangungunahan niya ang mundo sa siyensiya. Tayo’y malayo na sa likuran niya. Lahat ng iba pa sa mundo ay nasa likuran niya. Pinangungunahan niya ang kaniyang dako. Natuklasan lang niyang siya ay may utak, rin.

<sup>175</sup> Pansinin, taglay ng tao ang siya pa ring anim na pandamang meron siya anim na libong taon nang nakalilipas. Anim na libong taon na ang nakalipas, sa mga pandamang taglay niya, nakaugnay niya ang kaniyang makalupang tahanan at pinaglingkuran ang Dios. At ngayon, sa nakaraang pitumpu't limang taon, na ang tao ay nakarating na mula sa kabayo't kalesa, patungo sa pagiging isang astronaut. Bakit? Lumayo siya sa kaniyang pananampalataya sa Dios, at ipinagkatiwala ito sa kaniyang mga pandama at sa kaniyang kakayahang bilang isang tao. Napansin ba ninyo ito? Huminto siya sa pagtitiwala sa Dios. Pinagtiwalaan niya ang kaniyang sarili.

<sup>176</sup> Tulad ng babaing ito na hindi naniniwala sa Dios. Ano'ng pangalan niya, doon sa Washington, na nagbago ng lahat ng ito? [May nagsasabi, "Murray."—Pat.] Ano'ng pangalan niya? ["Murray."] Murray, sabi niya, "Hangga't mayroon tayong hukbong panlupa at hukbong pandagat, hindi natin kailangan ang matandang Jehova." Uh-uh. Wala akong pakialam kung ano'ng mayroon tayo.

Ito'y si Jehova o wala, para sa akin. Hayaang lumubog ang hukbong panlupa at pandagat, at mangyayari ito, nguni't mananatili si Jehova magpakailanman. Hangga't ako'y bahagi Niya, at Kaniyang anak, mananatili ako kasama Niya magpakailanman; hindi dahil sa pagkatawag ko o sa kagustuhan ko, kundi dahil sa kagustuhan Niya. Amen, amen! Walang kinalaman ito rito. Tanging Siya! Ibigay Siya sa akin o ibigay sa akin ang kamatayan. Hayaang bumangon at bumagsak ang mga bansa; mananatili pa rin si Jehova. Ginawa na Niya ito, sa lahat ng mga kapanahunan; nang bumagsak ang Roma, nang bumagsak ang Egipto, at bumagsak ang lahat ng iba pa sa kanila. At Siya pa rin ang nananatiling si Jehova. Oh, aleluya! Ako'y nakadarama ng pagiging relihiyoso.

<sup>177</sup> Ang dahilan kaya't natauhan ang Russia, kailangan niya. Tulad lamang ng Israel na kailangang umuwi sa sariling bayan. Kinailangang itaboy ng Dios ang Israel pabalik sa sariling bayan, para sa Mga Trumpeta. At ganoon ding kailangang itaboy ng Dios ang Russia sa dako roon, sa komunismo, upang gawing ganap kung anong naipropesiya na kaniyang gagawin.

<sup>178</sup> Ang tao at ang anim niyang pandama ay naging magkaagapay, ang kabayo't kalesa, nagtitiwala sa Dios. Sa nakaraang pitumpu't limang taon, huminto siya sa pagtitiwala sa Dios. Nang kanilang lagdaan ang saligang batas nitong Estados Unidos, inilagay nila ang Dios sa lahat ng kanilang ginawa. Ngayon hindi na sila nagkakaroon pa ng isang pagpupulong, at ni hindi na nila sinasambit ang Kaniyang Pangalan. 'Yan ay tama. Nananangan sila sa kataasan ng kanilang siyensiya, sila, ang kanilang katalinuhan ng kanilang siyensiya, o ang malaswang lipon. Iyan ay talagang tama. Ang

buong mundo ay lipos na ng kamangmangan sa Biblia. Ang ma- . . . ang buong mundo ay tumalikod sa Dios.

Ngunit, isipin lang, mula mismo sa kalagitnaan ng lahat ng iyan, at ng mga denominasyong iglesya at lahat ng kahalayan ng kanilang seminaryo at lahat na, ginamit ng Dios ang Salita ng Kaniyang mga propeta at pumutol ng isang Nobya na sasampalataya. Sinabing gagawin Niya ito. Kaniyang pinutol mula sa bagay na iyan kung ano ang ipinangako Niya na Kaniyang gagawin.

<sup>179</sup> Sila'y nanangan sa kanilang makataong katalinuhan, sa kanilang makataong siyensiya, at iba pa; tinalikuran na ang Dios, Na minsan na niyang pinagtiwalaan. Tinalikuran na ng Estados Unidos ang Dios. Kanilang inalis Siya maging sa paaralan, para hindi man lang makarinig ang ating mga anak ng tungkol sa Kaniya. Inalis nila Siya sa paaralan. Ngayon sinisikap nilang alisin Siya sa mga dolyar, "Sa Dios tayo nagtiwala." Aalisin nila ito sa panunumpa ng katapatan sa watawat, "Isang bansa sa ilalim ng Dios." Aalisin nila iyan.

<sup>180</sup> Kita n'yo, nahikayat sila ng kanilang sariling mga pakiramdam at kanilang sariling mga pandama. Sapagka't, sa nakaraang pitumpu't limang taon, hindi siya nagbago katiting man sa kaniyang mga pandama, siya pa rin yaong taong nilikha ng Dios sa pasimula.

Nguni't, sa mga huling araw na ito, hindi ba ninyo napagtatanto kung nasaan na tayo? At ang iglesya ay tumalikod na, mula sa Dios, tungo rian, tungo sa seminaryo at karanasan, at iba pa, sa halip na sa Salita. Ni hindi Siya kinikilala sa kanilang mga pagpupulong, sa kanilang mga paaralan, o hindi na, muli.

<sup>181</sup> Ang Israel, sa nakaraang dalawampu't limang taon, ay napagkilalang may isang naghatid sa kanila sa sariling bayan, gaya nang ipinangako. Hindi nila alam kung paano ito isinagawa. Sila'y dumanas ng lahat, pagkamartir, sa ilalim niyaong Mga Trumpeta, nguni't sila'y nasa kanilang sariling bayan. Hindi nila alam kung bakit.

<sup>182</sup> Bakit nagising ang Russia? Bakit nagising ang mga bansa? Bakit nagawang magtagumpay ng tao? Samantalang ang mga siyentipiko, tatlong daang taon na ang nakararaan, isang Pranses na siyentipiko ang nagpagulong ng isang bola sa isang tiyak na bilis sa ibabaw ng lupa, at napatunayan, sa pamamagitan ng maka-siyensiya na pananaliksik, "Kung makagagawa ang isang tao ng nakagugulat na bilis na tatlumpung milya kada oras, mawawala siya sa grabitasyon ng mundo; batay sa kaniyang bigat, batay sa bigat ng bola." Ngayon siya'y tumatakbo na ng labimpitong libong milya kada oras, kita n'yo, nagsisikap pang umakyat. Ngayon lamang niya iyan

nalaman, kamakailan lang. Bakit? Kailangang maging ganiyan nga iyan.

<sup>183</sup> Aba, ang iglesya ay dating nakatayo sa bato ni Jesus Cristo. Kahit ano pang sabihin ninuman, nanatili silang tapat sa Salitang iyan, ang mensahe ng panahon; si Luther, si Wesley, at patuloy roon. At ngayon sila'y bumalik na sa mga tradisyon. Bakit nito ginawa iyon?

<sup>184</sup> Pagkaraan ng dalawampu't limang taon, napagkilala ng Israel na sila'y nasa sariling bayan para sa isang bagay. Iprinopesiya na kailangang sila'y muling titipunin; sinabi iyan ni Oseas. Binasa natin ito kani-kanina lang. Tulungan tayo ng Dios na maunawaan ito! Buweno.

<sup>185</sup> Sa parehong panahon, nakilala ng Nobya ang panggabing Liwanag, kasisimula pa lamang makilala. Ang mga gutom na mga pentecostal ay nagsimula nang makilala na wala sa kanilang mga organisasyon ang alinmang mga bagay na hinahanap nila, sila'y baluktot na baluktot at hiwa-hiwalay. Kita n'yo, ito'y panahon ng pagkilala, pagkilala. Kailangan mong makilala.

Napagkilala na ng sanlibutan. Napagkilala na ng mga bansa. Napagkilala na ng agham. Napagkilala na ng diablo na ito na ang panahon na mawawasak niya ang kababaihan, mawawasak ang iglesya, mawawasak ang mga tao. Nakilala niya ito.

At napagkilala ng Dios na may isang bayan sa ibabaw ng lupa na itinalaga Niya sa Buhay. Kaniyang napagkilalang ito na ang panahon para ipadala ang Kaniyang Mensahe. Ginawa na Niya ito. Nakilala na Ito ng mga tao, ang panahon ng Nobya ay napagkilala ang panggabing Liwanag.

<sup>186</sup> Kung napagkilala lang ng Sodoma ang mga kaarawan niya, nang makita niya yaong mga mensaherong bumaba roon, tulad nina Billy Graham at Oral Roberts!

<sup>187</sup> Ngayon, isang malaswang tao sa Phoenix ang tumayo at nagsabi . . . pinakinggan ang bahaging iyon doon sa—isang teyp, at nagsabing sinabi ko rito, ako “ay kailangang mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus,” sinabi iyan. At pagkatapos sinabi, “Ngayon nakikita mo *rito*, sa banda rito ang sabi niya . . .” Noong nangungusap ako tungkol sa Africa, kung paanong nagbautismo sila nang tatlong beses pasubsob, at patihaya. Sabi sinabi ko, “Walang anumang pagkakaiba.” Kita n'yo, hindi niya pinakinggan ang kabuuan ng teyp; 'yun lang sa bahaging 'yon, at pinutol na ito.

Na, may kaparusahang pagkabilanggo ang gawin ito. Ang mga teyp na ito ay talagang siguradong may prankisya. Walang sinumang pupuwedeng manghimasok sa mga ito. Huwag na huwag n'yong gagawin. Ikaw—ikaw—ikaw ay parurusahan ng batas. Nguni't gagawin ba natin iyan? Hindi. Ang sabi Niya, “Hayaan mo sila.” Sinabi sa akin ng Dios kung ano'ng



mangyayari. Masdan lamang, manmanan na lamang ang taong iyan. Kita n'yo?

<sup>188</sup> Sa siya ring panahon, napagkilala ng Nobya ang panggabing Liwanag.

Kung nakilala sana ng Sodoma ang kanilang panahon!

<sup>189</sup> Ngayon, ang tao ring ito na naglagay ng teyp, ay nagsabi, "Tingnan dito, sa inyong mga taong Pentecostal," sabi, "at kayong mga Baptist. Ang taong ito, huwad na propeta, si William Branham," kita n'yo, "ay nagsabing si Oral Roberts at Billy Graham ay nasa Sodoma." Kita n'yo, pagkatapos pinutol na ang teyp; iyon lang, kita n'yo.

Ayaw ipagpatuloy na sabihin, na, "Mga mensahero sila sa Sodoma." Hindi nasa Sodoma, "Naroroon sila bilang mensahero sa Sodoma." Alam ninuman na sinabi ko iyan. Pakinggan ang inyong teyp.

"Sinuman ang mag-alis o magdagdag, ay aalisin din ito sa kaniya." Ito'y ang Salita ng Panginoon. Ganiyan ang tayo Nito.

<sup>190</sup> "Kung nakilala ng Sodoma ang kaniyang mensahero, maaaring nakatayo pa siya sa araw na ito," sabi ni Jesus, kung nakilala sana niya tulad ng pagkakilala ni Abraham.

Alam ni Abraham na may isang naipangakong anak na darating. Nguni't nalalaman niyang kailangan magkaroon ng isang pagbabago paano man, sapagka't masyado na siyang matanda, at ganon din si Sarah. Nguni't nang makita niya ang Isang iyon Na kayang kumilala ng kaisipan ni Sarah, sa Kaniyang likuran, nakilala niya ang oras na kaniyang kinabubuhayan. Sabi niya, "Panginoon ko, hayaang kumuha ako ng kaunting tubig dito at hugasan ang Iyong mga paa." Kumain sila ng kapisasong tinapay. "Nagsusumamo ako sa Iyo, manatili lamang nang ilang sandali," kita n'yo, dito, "aking P-a-n-g-i-n-o-o-n," malaking titik na P-a-n-g-i-n-o-o-n, "Elohim." Nakilala niyang nangungusap ang Dios sa kaniya sa katawan ng tao. Nakilala niya ang kaniyang tanda, at pinagpala ng Panginoon.

Hindi napagkilala ng Sodoma ang kanilang araw, at sinunog. Sinabi ni Jesus, "Kung paano sa araw na iyon, ay gayundin naman kapag ang Anak ng Dios ay . . . o ang Anak ng tao ay inihahayag na."

<sup>191</sup> Ngayon, hindi nakilala ng iglesya ang araw niya. Tulad ng Israel, sapilitang ibinalik sa Palestina, sapilitan siyang ipapasok sa World Council of Churches. Bakit? Hindi niya nakilala ang kaniyang araw. "Bayan, lumabas kayo sa kaniya, huwag maging kabahagi ng kaniyang kasalanan!" Itakas, ang iyong buhay, o mahuhuli ka ng tatak ng hayop at wala ka nang magagawa pa tungkol dito.

"Hayaan siya na marumi na magpakarumi pa. Hayaan siya na banal," hindi *magiging* banal, "banal na ngayon. Hayaan

siya na banal,” hindi isang maik-...may maikling-gupit ng buhok na babae; hindi siya maaari. Ngayon, parang deretsahan iyan, nguni’t iyan ang Kasulatan. Sinasabi ng Biblia, “Kaniyang niwawalan ng puri ang kaniyang ulo,” at ang kaniyang ulo ay ang kaniyang asawang lalaki. Ang Ulo ng lalaki ay si Cristo, kaya niwawalan niya ng puri si Cristo. Papaano siya magiging “walang-dangal” at hindi maging “marumi”? “Hayaan siya na maikling-gupit na babae ay panatilihin ang ganoon. Hayaan ang lalaki, ang babaing nagsusuot ng syorts ay manatiling magsuot ng mga ito. Hayaan siya na tinatanggihan ang Salita na magpatuloy sa pagtanggì Dito.”

“Nguni’t hayaan siya na banal na magpakabanal pa. Hayaan siya na matuwid na magpakatuwid pa; ang matuwid na Salita ng Dios, ang Anak ng Dios na nahayag. Magpakabanal pa, magpakatuwid pa!” Kilalanin! Opo, ginoo! Ang mga araw na hindi...

Hindi napagkilala ng iglesya ang araw niya.

<sup>192</sup> Tulad ng Israel, balik sa kaniyang lupang pangako, hindi niya alam kung paano siya nakabalik doon. Basta kusa na lang siyang naibalik doon. Bakit? Pambansang puwersa ang naglagay sa kaniya sa lugar niya.

Ngayon mayroon akong sasabihing bagay. Ang pambansang puwersa ang naglagay sa Israel sa kaniyang sariling bayan; ang pambansang puwersa ang maglalagay sa iglesya sa World Council of Churches; nguni’t ang kapangyarihan ng Dios ang maglalagay sa mga tao sa Nobya. Humahatak ang mundo sa gawing *ito*, at humahatak ang mundo sa gawing *iyang*, nguni’t humahatak ang Dios paitaas. Ang Espiritu ng Dios, na siyang Salita ng Dios, “Ang Aking Salita ay Espiritu at Buhay,” ang maglalagay sa Nobya sa Kaniyang dako. Sapagka’t, makikilala Niya ang Kaniyang posisyon sa Salita, kung magkaganoon Siya’y nakay Cristo, ang maglalagay sa Kaniya sa dako Niya. Walang pambansang lakas ang gagawa nito. Subali’t ang pambansang puwersa nga ang nagdala sa Israel sa sariling bayan; ang pambansang puwersa ng Council of Churches ang magtataboy sa baw’t organisasyon papasok dito; nguni’t ang Kapangyarihan ng Dios ang magtataas sa Nobya tungo sa Kaluwalhatian, palabas mula rito.

<sup>193</sup> Oh, mga tao, kilalanin ang inyong araw, yamang binigyan kayo ng babala ni Jesus; ang tanda ng Sodoma, at ang mga kalagayan ng iglesya sa araw na ito.

<sup>194</sup> Tingnan kung ano ang sinabi Niyang mangyayari sa araw na ito. Pakinggan itong maigi. Ang tanda ng Sodoma ay magaganap sa araw na iyon; ang tanda tulad ni Abraham, nang araw na iyon bago ang Sodoma, na tinawag palabas. Lahat ng mga bagay na ito na iprinopesiya, ay mangyayari ngayon. Masdan

ang araw na inyong pinamumuhayan. Tinalakay na natin ito nang paulit-ulit.

<sup>195</sup> Ngayon ipinangako Niyang isusugo sa inyo ang Makalangit na Liwanag, para pahinugin ang Binhi ng Salita na ihasik para sa araw na ito. Ang Binhi'y *Naririto*. Ang Binhi ay ang Biblia. Bakit? Sinabi iyan ni Jesus. "Ang Salita ay ang Binhing inihasik ng isang maghahasik."

At, ngayon, bago ka magkaroon ng anumang pananim, kahit pa nga naitanim mo ang binhi, kailangan nito ng liwanag para pahinugin ang binhing iyan, o ito'y mabubulok at hindi na mapakikinabangan; ito'y mamamatay. Nguni't kung may binhi ito sa lupa, sa tamang lupa, na may tamang sikat ng araw dito, ito'y tiyak na mahihinog.

At ipinangako Niya na sa mga huling araw, sa panahon ng gabi, darating ang Anak para pahinugin ang Binhing iyan. Ang Binhi ay ipinangangaral na. Pinahihinog ng Anak ng Dios ang Binhing iyan, sa pamamagitan ng pagpapatibay Rito, pinausbong Itong palabas sa inyong harapan at pinatutunayang tama Ito. Nakukuha ba n'yo ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kilalanin ang inyong araw.

Ako'y magtatapos na ngayon. Oras na ngayon para magtapos.

<sup>196</sup> At ang mayaman, binulag, edukadong taga-Laodicea ay aalisin ang Salita sa kalagitnaan nila. Ginawa na ba nila ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sinabi Niyang gagawin nila.

Gaya naman na ang mga sinaunang propeta ay isinugo para pagtibayin ang ipinangakong Salita sa kanilang kaarawan, kaya ang mga taong itinalaga, sa kanilang kaarawan, ay nakita Ito. Tulad ng babae sa balon, tulad ni Nathan, tulad ng bulag na si Bartimeo, tulad ni Pedro, at ng iba pa sa kanilang nakakilala Rito. Siya ang Salitang iyon. At ang pagbubunga, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawang ipinangako ng Amang Aking gagawin, kung gayon huwag ninyo Akong paniwalaan. Nguni't kung ginagawa Ko ang mga gawa, bagama't hindi ninyo Ako pinaniniwalaan, paniwalaan yaong mga gawa. Ang mga ito ang nagsasabi sa inyo kung Sino Ako." Nakuha ba n'yo ito? Buweno, huwag palampasin ang araw, na pinadala. Ang mga kalalakihan at mga kababaihan ng ibang mga panahon ay nakilala Ito, at nakapasok at naligtas.

<sup>197</sup> Mga Pentecostal, oh, naku, bakit hindi ninyo kilalanin ang inyong araw? Kilalanin ang oras sa panahon ng gabi. Dito ito, at ito'y narito, iyan, upang pagtibayin ang pagparito ni Cristo, para pagtibayin ito. Tayo'y nasa katapusan na. Kilalanin ang inyong araw.

<sup>198</sup> Alam kong pinagtagal ko kayo. Alas-dose na ngayon. Subali't, gusto ko ang Pagkaing ito, Ito ay Buhay. Ito nga. Ito nga

ay Buhay, sa mananampalataya. Kilalanin ang araw na inyong kinabubuhayan, at ang tanda ng panahon.

<sup>199</sup> Tingnan kung nasaan na ang lahat: ang Israel; kung nasaan ang iglesya; kung nasaan ang imoral; kung saan nakatayo ang Nobya. Kung anong natitira? Ang sunod na bagay, ang pagkuha sa Nobya. Mangyari pa, naghahanap ang bawa't iglesya ng isang malaking bagay. Sinasabi ng Pentecostes, “Luwalhati sa Dios! Darating ang araw na gagawin nila ang *ganito*, at gagawin nila ang *ganiyan*.” Kita n’yo, ay mga nagpapahayag. Naniniwala nga sila.

<sup>200</sup> Tulad, minsan, sabi ni Caifas, “Hindi ba’t tama na isang tao lang ang mamatay, at hindi ang buong bansa ang mapahamak?” Siya noon ang punong saserdote, sinabi ng Biblia, ang dahilan kaya sinabi niya iyon. Siya’y nagproposiya, nang hindi nalalaman kung ano ang sinasabi niya. Nguni’t napagtanto ba niya ang talagang katotohanan nito, na inihahandog niya ang mismong Dios na sinasabi niyang kanyang pinaglilingkuran bilang punong saserdote?

Gayundin naman ito, ngayon! Sila’y naghahanap, sa dako roon saanman, sa isang—isang dakilang panahon na darating.

<sup>201</sup> Aba, pumupunta ako roon sa mga kombensiyon ng Business Men kasama nila. Sinasabi nila, “Luwalhati sa Dios!” Tumatayo ang mga mangangaral na iyon at talagang ginigising sadya ang mga tao, at nagsasabi, “May darating na isang malaking rebaybal. Mapapasa ibabaw ng lupa ang kamay ng Panginoon!” At kung paanong ang mga tao ay nagsisilabasan; tumatakbong tulad. . . At hindi napag-uunawang ’yan ay sa ilalim ng Mga Trumpeta para sa Israel. Bakit nila ginagawa ito? Dahil sa sila’y mga Cristianong tagapahayag, at hindi napag-uunawa. Maging si Caifas ay hindi naunawaan kung ano ang kaniyang ginagawa. At hindi nila napag-uunawang tinatanggihan nila ang mismong Mensaheng ipinadala sa kanila. Amen!

<sup>202</sup> Bawa’t bahagi ng Kasulatan, na tinalakay natin araw-araw, at linggo-linggo, hanggang sa ito’y maging di mapapasubaliang Katotohanan. “Kung hindi Ito matatangggap ng bulag,” sabi ni Jesus, “hayaan sila. Kung inaakay ng bulag ang kapuwa bulag, mahuhulog sila kapuwa sa hukay.” Hindi ko alam kung kailan, hindi ko alam kung saan, nguni’t alam kong ito’y darating.

<sup>203</sup> Alam n’yo, nauunawaan ko kung bakit ayaw ni Satanas na gawin ko ito. Kahapon, masamang-masama ang pakiramdam ko. Wala akong matanggap na Salita mula sa Panginoon. Ginawa ko na ang lahat ng nalalaman kong gawin, at hindi ko talaga magawa. At kaninang umaga, nang bumangon ako. . . Kumain ako ng mais, kahapon, at parang naroroon pa sa loob ng aking tiyan. Masamang-masama ang pakiramdam ko, ako’y sadyang—sadyang hindi ko halos makuha ito. Naisip ko, “Anong sa mundong ito ang nangyayari? Pupunta ako roon, at hindi ko

alam kung ano ang aking sasabihin. At, Panginoon, wala man lang akong makapa kahit isang Kasulatan sa aking isipan, para maisulat. Wala akong masumpungang isa mang bagay.” Sadyang hindi ko alam kung ano ang gagawin.

Pagkatapos, matapos na ang Mensahe ay nagsimulang dumating sa akin, paulit-ulit si Satanas na nagsasabi, “Masamang-masama ang iyong pakiramdam. Sumasakit ang iyong ulo. May sakit ka. Hindi ka makaparoroon. Hindi ka makatatayo roon. Ito’y magiging *ganito*, magiging *ganiyan*.”

<sup>204</sup> Naaalala ko, minsan, ang isang kuwento ng isang taong isinilang sa Dulong Silangan ng London sa Inglatera. Isa lamang siyang pangkaraniwang tao. At sinabi nila na ang—ang—ang hari, isa sa mga hari noong unang panahon ay papunta sa kaniyang—kaniyang palasyo. At, ito, wala siyang sinuman. . . Siya’y may mensaheng kailangan niyang maiparating, isang madaliang mensahe, dahil sa kaaway. At kaya siya—siya—sinabi niya sa munting taong ito na nakatayo roon, sabi niya, “Heto, dalhin mo ang mensaheng ito, dalhin mo ang mensaheng ito! Magmadali kang pumunta sa *ganito*—*ganitong* dako, at ipagutos mo *itong* gawin.” At sabi niya, “Dalhin mo ang aking setro sa kamay mo. Pagtitibayin ka niyan, na ako’y. . . ika’y isinugo mula sa akin.”

<sup>205</sup> At isinuksok niya ito sa ilalim ng kaniyang balabal, at humayo na siya. Pinahihinto siya ng mga bantay saanman, at lahat na. Humihyaw, “Magsitabi kayo! May mensahe ako ng hari.” Amen. “Ako’y mensahero ng hari,” isang binindikang salita.

<sup>206</sup> Naisip ko, “Satanas, umalis ka sa aking daraanan! May Mensahe ako ng Hari. Kailangan kong umalis.”

<sup>207</sup> Minsan nang patayin nila ang Prinsipe ng Kapayapaan, at inilagay Siya sa libingan, at isinarang mabuti ang libingan, at pinigil Siya ng kamatayan sa loob ng tatlong araw at gabi. Nguni’t noong umaga ng Pasko ng Pagkabuhay ay hawak Niya ang setro sa Kaniyang kamay, at sumigaw, “Tumabi ka, kamatayan! Tumabi ka, libingan! Bumukas ka! Ako ang Mensahe ng Hari. Kailangan Kong bumangon para patunayan itong pagkabuhay na mag-uli. Ako ang pagkabuhay na mag-uli at Buhay.” Aleluya! Mabuting-mabuti na ang pakiramdam ko ngayon.

Ito ang Mensahe ng Hari. Kilalanin natin Ito, mga kaibigan, sapagka’t tinawag tayo para magkatipun-tipon para sa pagtunog ng Trumpeta. “Sapagka’t tutunog ang Trumpeta ng Panginoon, pagkatapos mawawala na ang panahon.”

<sup>208</sup> Tinipon na Niya ang Israel. Ang tatlong araw, sa pangatlong araw sinabi Niyang gagawin Niya ito. Dalawampu’t pitong daang taon na ang nakalilipas. Sa pangatlong araw na iyan sinabi Niyang titipunin Niya sila, at ginawa na Niya ito. Sinabi

Niyang ihahayag Niya ang daan ng Buhay. Hayan na kayo, naghihintay na lamang ngayon sa Nobya na umalis sa daan para dumating sila, ang dalawang propeta, mga Hebreong propeta, na kikilala.

<sup>209</sup> Naaalala n'yo akong nakatayo sa Cairo, para pumaroon, nang sabihin ni Lewi Pethrus, "Kapatid na Branham, kung makikita nila iyan. . . Pinaniniwalaan nila ang kanilang mga propeta."

<sup>210</sup> Sabi ko, "Ito'y isang magandang bagay para sa akin." Kita n'yo kung paano ang tao? Subali't nakikita ba n'yo ang biyaya ng Dios? Sabi ko, "Babasahin ko itong Bagong Tipan." Binasa nila Ito. Pinadalhan sila ni Lewi, lampas isang milyon, doon, si Kapatid na Lewi Pethrus mula sa Sweden. Babasahin nila Ito, pabalik-balik roon, silang mga Judio; hindi tulad nitong mga makabagong grupo ng mga Judio, kundi mga nasa kanilang sariling bayan. At bumababa, sabi niya, "Kung ito ang siyang Mesiyas, hayaang makita namin siyang gumagawa ng tanda ng propeta, paniniwalaan namin ito."

<sup>211</sup> Sabi ni Lewi Pethrus, "Kapatid na Branham, hayan ang pagkakataon. Hayan ang pagkakataon. May nagsabi sa akin niyan, na magiging isa itong pagkakataon. Ako'y may masasakyan," sabi, "patungo mismo rito."

May lumapit at naupo roon, si Kapatid na Arganbright, sabi, "Kapatid na Branham, sadyang magbibigay iyan ng hudyat sa Israel! Dalhin sila sa harapan Nito, at ipakita ang tanda ng propeta. Paniniwalaan nila ito."

<sup>212</sup> Sabi ko, "Panginoon, narito ako, handa na." Sumakay ng eroplano; kinuha ang pera at kumuha ng tiket ko; huminto sa Cairo. Sinabi, "Siyang, handa na ako."

<sup>213</sup> Sabi ng Espiritu Santo, "Hindi ito ang iyong dako. Hindi ito ang iyong panahon." Kita mo, inuunahan mo ang iyong sarili. Sa loob-loob ko, "Oh, naku! Naglakbay na ako ng malayo patungo rito; ako'y—ako'y paroroon."

<sup>214</sup> May nagsabi, "Huminto ka rito! Huwag kang pumunta sa dakong iyan. Pumunta ka patungong India. Huwag kang pumunta riyan. Pumunta ka sa India, nguni't huwag kang pumunta rito."

<sup>215</sup> Sa loob-loob ko, "Bakit?" Habang naglalakad ako sa likuran ng silungan ng eroplano, ang sabi ko, "Panginoong Jesus, anong ibig sabihin nito?"

Pagkatapos ipinaalam Niya sa akin. "Hindi Gentil. Ang mga propetang ito ang siyang dapat." Kailangang maging sang-ayon ito sa Kasulatan. "Sina Moises at Elias ay kailangang dumating." At, bukod sa roon, hindi pa naitaal sa daan ang Nobya. "At magbabalik ang mga propetang ito at sila'y magsisigawa ng tanda ng propeta." Iyan ang Kasulatan. Matutupad ang lahat ng

ito roon kung ganoon, nang tamang-tama, ang Israel ay iluluwal bilang isang bansa sa loob ng isang araw. Amen! Ang mga panggabing Liwanag ay nagliliwanag!

Magliliwanag sa panahon ng gabi,  
 Ang landas tungo sa Kaluwalhatian ay tiyak  
 mong masusumpungan;  
 Sa daan ng tubig, ay Liwanag ngayon,  
 Inilibing sa mahal na Pangalan ni Jesus.  
 Bata't matanda, magsisi sa lahat ninyong  
 kasalanan,  
 Ang Banal na Espiritu ay tiyak na mananahan;  
 Ang mga panggabing Liwanag ay nagsidating  
 na,  
 Katotohanan na ang Dios at si Cristo'y Iisa.

<sup>216</sup> Tayo'y nasa huling panahon na, kaibigan. At sunod naiisip natin ang awiting ito ng kinasihang manunulat, nang sabihin niya:

Mga bansa'y nagkakawatak-watak, (ito'y mga  
 labinlimang taon na ang nakararaan), ang  
 Israel ay nagigising,  
 Ang mga tandang sinabi nang una ng mga  
 propeta;  
 Ang mga araw ng Gentil ay bilang na, (tingnan  
 ang karumihan niya ngayon) kaakibat ay  
 mga kagipitan;  
 Magbalik, O nangahiwalay, tungo sa inyong  
 sariling bayan.  
 Ang araw ng katubusan ay malapit na,  
 Ang puso ng tao'y nanlulupaypay sa  
 pangamba;  
 Mangapuspos sa Espiritu ng Dios, ang inyong  
 mga ilawa'y pag-igihin at pagliwanagin,  
 Tumingala, katubusan ninyo'y malapit na.  
 (Iya'y tama.)  
 Mga bulaang propeta'y nagsisinungaling,  
 Katotohanan ng Dios kanilang  
 tinatanghian, (hindi ba't iyan ang  
 katotohanan!)  
 Si Jesus na Cristo ang ating Dios.

Hindi nila pinaniniwalaan Iyan. Mayroon sila ng lahat ng uri ng mga ismo at mga bagay-bagay! . . . ? . . . totoo. Nguni't sinabi ng propeta . . . O, ang sabi ng kinasihang manunulat:

Tayo'y lalakad sa nilakaran ng mga apostol.

<sup>217</sup> Naalala n'yo ba roon sa aking pangitain? Sinabi ko, "Kung makapapasok ang mga tao ni Pablo, gayundin naman ang sa akin, sapagka't ginawa ko ang ganoon ding bagay tulad sa ginawa niya." Ako'y nananatili mismong kasama Nito.

Silang mga milyun-milyon ay itinaas ang kanilang mga kamay, nagsasabi, “Nakasandal kami riyán!”

Ano? Kilalanin ang araw na ating kinabubuhayan, ang panahong ating kinabubuhayan, ang tanda ng panahong ating kinabubuhayan. Ito’y maaaring mas huli na kaysa ating inaakala. Isa sa mga araw na ito, hayaan siyang nasa labas na manatili sa labas pa rin. Siyang nasa loob ay kailangang manatili pa ring nasa loob magpakailanman. Magsasara na ang pintuan.

<sup>218</sup> Kung may ilan dito sa umagang ito na hindi pa nakapapasok, oh, sa Pangalan ni Jesus, mahal kong bayan. . .

Huwag tumingin sa walang-alam na lingkod na ito na nakatayo rito, mangmang, walang alam, walang pinag-aralan; huwag tumingin diyan. Kundi tingnan yaong pinapatotohanang Salita. Tumingin sa dakilang Espiritu Santo Na nagpapatibay Rito na Ito’y Katotohanan. Tayo’y nasa panahon ng gabi. Mas huli pa ito kaysa inyong inaakala. Huwag. . .

<sup>219</sup> Mga kababaihan, hayaan ninyong humaba ang inyong buhok. Kapatid na babae, pakiusap alisin silang mga malalawang damit na iyan. Itapon ang mga sigarilyong iyan. Sapagka’t darating ang oras, na, “Siyang marumi, ay magpakarumi pa; at siyang matuwid, ay magpakatuwid pa. Siyang nasa loob ay sa loob; siyang nasa labas ay sa labas.” Ang maliit, na katiting na pagitan, “Kung ang isang matuwid na tao ay bahagya ng makaliligtas, pasasaan ang makasalanan at ang masama,” ang tumatangi sa Katotohanan, alam n’yo na, “saan sila lalagay?”

Iyukod natin ang ating mga ulo.

<sup>220</sup> Ngayon, sa Liwanag nitong oras na ating kinabubuhayan ngayon, ang Liwanag ng araw na atin ngayong kinabubuhayan; mga itinatangi at minamahal, kayong nanggaling sa iba’t ibang estado sa buong bansa, hayaan natin ngayon, at ako kasama ninyo, sa altar na ito, mag-imbentaryo tayo. Kumusta ang Espiritu ng Dios sa ating mga puso sa araw na ito? Tandaan, ito’y ang Espiritung iyon, hindi hinatulan, hindi narumihan; anumang doktrina ng iglesya, at lahat na, ay lubusan nang naglaho.

<sup>221</sup> Hindi ka mangangahas na, subukang magdagdag Diyan o mag-alis Dito. Sapagka’t, kapag sinubukan mong maglagay ng interpretasyon Dito, ikaw mismo, aalisin ang iyong bahagi sa Aklat ng Buhay. Sinusubukan mo bang magsabi ng isang bagay na hindi sinabi ng Espiritu? Sinusubukan mo bang palitawin Ito na para bang nagsasalita Ito ng isang bagay? O, kinukuha mo lang Ito nang tamang-tama kung ano ang sinabi Nito, at hinahayaan Itong ganiyan? Nagdudugtong ka ba, nagpuputol, nagti-teyp, gumagawa ng mga bagay na hindi tama? Ginawa mo ba iyan?



222 Sasabihin, “Buweno, sadyang hindi ko nararamdamang kailangan kong gawin *ito*. O, marahil, aking—aking—aking nalalamang hindi Ito pinaniniwalaan ng aking iglesia. ‘Iya’y salita lamang ng isang tao tungkol Dito.’”

Ang isang Taong iyan ay ang Dios. Sinasabi rito ng Biblia na hindi mo dapat putulan ang iyong buhok. Ang mga *ito* . . . Sinabi iyan ng Biblia. “Mangyayari na magsusuot ang mga kababaihan ng kasuotang panlalaki, at kung paanong magiging isang karumaldumal sila sa Dios.” Kung paanong ang Espiritu Santo ay nangusap sa pamamagitan nito, itong hamak, hindi karapat-dapat na sisidlang nagkataong nakatayo roon sa kapanahunang sinabi ng dakilang Hari, “Heto ang Aking sepulkro . . . Aking Salita. Narito ang Aking Setro, pala. Kunin mo ang Aking Setro, at humayo, at dalhin ang Mensahe.”

223 Alam kong sinikap ng mga denominasyong pigilan Ito, at tanggihan Ito, at itaboy Ito, at palayasin Ito, at lahat na. Ngunit, sa biyaya ng Dios, ako’y nasa aking daan, humihiyaw palipat-lipat sa mga bansa, palipat-lipat sa mga dako, palipat-lipat sa mga iglesia, “Lumabas mula riyani!” Ito’y hindi sikat, nguni’t Ito’y ang Katotohanan.

224 Tatanggapin mo ba Ito sa—sa—sa Espiritu kung saan Ito’y nasulat? Tatanggapin mo ba Ito sa Espiritu kung saan Ito ibinigay? Kung hindi mo pa nagawa . . . Wala na tayong lugar para sa altar; ang iyong puso ang altar. Maaari bang itaas mo ang iyong kamay, sabihin, “Dios, mahabag Ka sa akin. Payagang ang Espiritu ng Dios ay pumasok sa akin, hinahatulan na ako ngayon sa lahat ng aking mga kasalanan, at mga kabiguan, lahat ng aking masasamang ugali, at pagkamainitin, at mga pagkaligalig sa mga walang kabuluhang bagay, at mga pakikipag-alitan, at mga pagkabahala, at lahat ng mayroon ako. At nalalaman ko ang isang bagay, na hindi maamo ang aking espiritu para sa Langit. Gawing maamo ako, Panginoon, sa huling sandaling ito. Maaaring ito na ang huling pangangaral na maririnig ko. Maaaring ito na ang huling pagkakataong maririnig ko ang Mensahe. Itinataas ko ang aking kamay. Dios, mahabag Ka sa akin.”

225 Pagpalain kayo ng Dios. Dose-dosenang mga kamay. Ngayon, sandali lamang na tahimik na panalangin para sa inyo. Kayong mga nagtaas ng inyong kamay, nagpapakitang kayo’y interesado pa rin. Sa tingin ko tila tumatawag pa rin ang Espiritu sa isang tao.

226 Mahal na Dios, Ikaw ang Siyang nakaalam ng lahat ng bagay. At ginawa Mo ang lahat ng bagay para sa layunin ng lahat ng bagay, sapagka’t, kailangang hatulan ang ilan, kailangang bulagin ang ilan; ang ilan, “tulad sa magpapalayok na gumawa ng sisidlan,” gaya ng sinabi ni Pablo, “isa para sa ikapupuri at ang isa ay sa ikahihiya.” Ang isa’y ginawa para sa kahihyan,

para ipakita lamang yaong isang pararangalan. Nguni't hindi ba't nasa kamay ito ng Magpapalayok kung ano ang nais Niyang gawin? Hindi ba't nasa itinalagang plano ng Dios, ang tumawag? "Siyang nang una pa'y nakilala Niya, ay tinawag Niya. Silang tinawag Niya, inaring-ganap Niya. At Yaong inaring-ganap Niya, ay niluwalhati naman Niya."

<sup>227</sup> Marahil ang ilan sa kanilang naririto sa araw na ito ay tulad sa babae sa balon, mula sa karumihan, mula sa kawalan ng pananampalataya, mula sa mga tradisyon ng tao, mga doktrinang gawa ng tao. Marahil ito ang unang pagkakataong kanilang narinig ang mga bagay na ito, nguni't isang bagay ang nagbigay ng kakaibang babala sa kanilang mga puso. May marami, maraming mga kamay ang itinaas, Panginoon. Hayaang kunin ng dakilang Magpapalayok ang sisidlang iyan ngayon at hubugin itong isang sisidlan sa ikapupuri. Naniniwala akong may ilang kadahilanan, Panginoon, o hindi nila gagawin iyan, hindi nila sasabihin iyan. Naniniwala pa rin ako, ako'y nanghahawakan para sa kanila.

<sup>228</sup> Hayaang ang Iyong abang lingkod ay magsumamo, Panginoon. Hayaang magsumamo kami para sa kanila, bilang isang namamagitan sa mga buhay at sa mga patay; gaya niyaong sa Sodoma na nagsusumamo para sa mga Sodomita, "Lumabas ka mula riyon! Lumabas ka riyon, magmadali!"

<sup>229</sup> Lumapit nawa sila, Panginoon, nang may kababaan at katamisan sa luklukan ng Dios ngayon, sa kanilang puso, nagsasabi, "Jesus, mula sa araw na ito, simula ngayon, Ika'y magiging akin. Ito ang panata ko sa Iyo ngayon dito, habang nakaupo ako rito sa upuang ito kung saan tumama sa akin ang Iyong Espiritu. Kung tumama Ito sa akin dito, hindi ko na kailangang lumayo pa rito mismo. Dito mismo ay kung saan Mo ako kinatagpo; dito mismo natin aayusin ito; dito mismo sa pangalawang upuang ito, pangatlong upuan, panlimang upuan, maging anuman ito. Dito kung saan ito'y lulutasin, 'pagkat dito ay kung saan Mo ako hinatulan, at dito ay kung saan Mo ipinangakong itutuwid ito. Sapagka't bagama't ako'y madungis at marumi, ako'y papuputiing tulad ng niyebe. Paniniwalaan ko ang lahat ng Iyong Salita. Ako'y nakahandang lumakad Dito, paniwalaan Ito, tanggapin Ito.

"At gagawin ko ito ngayon para sa kaluwalhatian ng Dios, nalalamang ang buhay ko'y walang kabutihang naidulot sa akin, ito'y walang kabutihang nagawa sa Dios, ito'y walang kabutihang nagawa sa aking mga kapitbahay, ito'y walang kabutihang naidulot kanino man; sadyang nakabuti lang sa diablo, para gawin akong isang—isang sunud-sunuran, para ihagis ako kung saan-saan, marahil para maging isang laruan ng isang tao na tinitingnan, marahil maging isang idolo ng isang babae. Dios, gawin akong isang lingkod Mo." Ipagkaloob Mo ito,

Panginoon. Ipinagkakatiwala ko sila sa Iyo ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang Iyong Anak.

Samantalang nakayukod ang ating mga ulo, at ang ating mga puso.

I can hear my Saviour . . .

Buong katapatan, kaibigan. Maaaring ito na ang iyong huling pagkakataon. Naririnig mo ba ang munting Tinig na iyan?

. . . calling,  
I can . . .

Ano'ng itinatawag Niya . . . Ano'ng tumatawag sa iyo, kung ang iyong Tagapagligtas ang tumatawag? Ang Salita.

. . . Saviour calling,

Ano ang dapat mong gawin? Tanggihan ang sanlibutan.

And take my cross and follow, follow . . .

“Nakaligtaan ko ang bautismo sa Pangalan ni Jesus, Panginoon.”

I'll go with Him through the garden,  
I'll go . . .

Kasama Siya, saan? Sa tubig, sa halamanan, saan man; bahay-dalanginan, sa bautismuhan, saan man. Magpasiya rito!

. . . go with Him through the garden,  
I'll go with Him, with Him all the way.  
I'll go with Him through the judgment, (maging  
tama man ang Salita o tama ang iglesya),  
I'll . . .

“Kung ako ba ay tama, o tama Siya. Tama ba ang aking budhi, o tama ba ang Kaniyang Salita?” Ika'y nasa dako na ng paghatol ngayon. “Ano bang aking pinaniniwalaan, tama ba ito, o tama ba ang Kaniyang Salita? Sa palagay ko ba'y ayos lang ang magkaroon ng maikling buhok, magsuot ng mga syorts? Sa palagay ko ba'y ayos lang na maging kaanib sa isang denominasyon?” Ano ba ang Kaniyang sinabi?

I'll go with Him, with Him all the way.  
Now where He leads me I will follow,

Ang aking mga kamay ay nakataas, din, Panginoon. Panginoon, maging saanman ito, saan ba ipangangaral ang susunod na Mensahe? Dito ba, mamayang gabi, doon ba sa Africa, Germany, Switzerland? Saan ba ito, Panginoon?

Where He . . . (saan Mo man ako pangunahan,  
Panginoon). . . me I will follow,  
I'll go with Him, with Him all the way.

Ngayon habang iniyuyukod ang inyong mga ulo.

<sup>230</sup> Sasama ba kayo sa Kaniya saanman Niya kayo akayin? Sasama ba kayo sa Kaniya kahit pahirap na ang takbo ng panahon, ang mga tao ay nang-uusig, nagtatawanan, nangungutya? “Ako’y sasama pa rin sa Kaniya. Ako’y hahayo pa rin. Ako’y magpapatuloy kasama Mo, Panginoon, saan Ka man naroroon. Ako’y mananatiling matapat at totoo. Sa kainitan man ng labanan, ako’y mananatiling matapat at totoo. Kung bumagsak ako, ibabangon Mo akong muli, Panginoon. ‘Siyang nag-alay ng kaniyang buhay dahil sa Akin ay makasusumpung nito.’”

So I’ll go with Him, with Him all . . .

<sup>231</sup> Ngayon ang lahat na totoo riyan, mula sa inyong puso, itaas natin ang ating mga kamay ngayon, at ang ating mga puso, sa Kaniya.

Where He leads me I will follow,  
Where He leads me I will follow,  
Where He leads me I will follow,  
I’ll go with Him, with Him all the way.

He will give me grace and glory,  
He will give me . . .

Panginoong Jesus, hingahan Mo ang mga panyong ito ngayon. Pagalingin Mo ang mga maysakit na ito at nahahapis, Panginoon. Ipagkaloob Mo ito, Panginoon. Ipagkaloob sa kanila ang kagalingan, Panginoon, sa Pangalan ni Jesus.

And go with me, with me all the way.

<sup>232</sup> Mabuti na ba ang inyong pakiramdam ngayon? [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Nararamdaman bang handa na ang lahat ngayon? [“Amen.”] Kung Kaniya . . .

The Trumpet of the Lord shall sound, and  
time shall be no more, (iyan ang panghuling  
Trumpeta, ngayon)

And when the morning breaks Eternal, bright  
and fair.

Awitin natin ito, lahat tayo ngayon. “When the Trumpet of the Lord shall sound.” Ibigay sa amin ang tono.

When the Trumpet of the Lord shall sound, and  
time shall be no more,

And the morning breaks Eternal, bright and  
fair;

When the saved of earth shall gather over on  
the other shore,

When the roll is called up yonder, I’ll be there.

When the roll is called up yonder,

When the roll is called up yonder,

When the roll is called up yonder,

When the roll is called up yonder, I’ll be there.

On that bright and cloudless morning when the  
 dead in Christ shall rise,  
 And the glory of His resurrection share;  
 When then all of life is over, and our work on  
 earth is done,  
 And the roll is called up yonder, I'll be there.  
 When the roll is called up yonder,  
 When the roll is called up yonder,  
 When the roll is called up yonder,  
 When the roll is called up yonder, I'll be there.

<sup>233</sup> Itaas natin ang ating mga kamay, sabihin, “Sa Iyong biyaya, Panginoon.” Sa Iyong biyaya, Panginoon! [Sinasabi ng kongregasyon, “Sa Iyong biyaya, Panginoon.”—Pat.]

Ngayon, tayo’y mga magkakapatid na lalaki at mga magkakapatid na babae kay Cristo. Pumihit lang tayo at makipagkamay sa katabi mo, at sabihin, “Sa tulong ng Dios, kapag babasahin na ang talaan doon!”

When the roll is called up yonder,  
 When the roll is called up yonder,  
 When the roll is called up yonder,  
 When the roll is called up yonder, I'll be there.

Ano pa ang ating hinihintay?

When that Trumpet (ang panghuli) . . . the Lord  
 shall sound, and time shall be no . . .  
 (Naglaho na sa Walang Hanggan, “Sa isang  
 iglap, sa isang kisap-mata.”) . . . and fair;  
 And then when the saved of earth shall gather  
 to on the other shore,  
 When the roll is called up yonder, I'll be there.

Awitin lang natin ito nang malakas!

When the roll is called up yonder,  
 When the roll is called up yonder,  
 When the roll is called up yonder,  
 When the roll is called up yonder, I'll be there.

<sup>234</sup> Oh, hindi ba’t napakainam ng panahong iyan! Palakad-lakad lang, isang araw, at heto’t may isang lumitaw. “Sino iyan? Inay!” Amen! “Hindi na ito magtatagal pa ngayon.” Sa ilang sandali lamang, ika’y bago na. At tayo’y . . . makakatagpo sila, pagkatapos aagawin kasama nila, upang katagpuin ang Panginoon sa alapaap. Oh, sa isang iglap, sa isang kisap-mata. Sasabihin, “Heto si Kapatid na Seward, ang matandang kapatid na dati-rati’y narito sa simbahan! Aba, heto si Kapatid na DeArk. Heto si Kapatid na *Ganito*- . . . Aba, tumingin dito, sila’y nasa paligid kong lahat! Anong nagyayari? Heto’t sa ilang sandali lamang. . . alam kong nagpakita na sila sa akin. Hindi na ito magtatagal pa ngayon. Ako’y babaguhin na ngayon, sa

isang iglap lamang, sa isang iglap lamang.” Oh, siyanga! At ang umaga’y sisilay na Magpawalang-hanggan, maliwanag at maaliwalas. Lahat ng mahihiwagang ulap . . .

<sup>235</sup> Tulad ng Kaniyang sinabi, “Israel, tulad ka sa isang pang-umagang ulap, isang hamog, at naglalaho ang iyong katuwiran.” At kapag ito’y naglaho nang lahat sa Son-Light Na humahawak sa lahat ng ito, amen, kung ganoon, “Babasahin na ang talaan doon, ako’y naroon.” Sige.

Hanggang mamayang gabi:

Till we meet! Till we meet!

Hindi natin alam kung anong oras ito magaganap, mga kaibigan. Ito’y naging isang kuwento, matagal na, nguni’t ito’y ang Katotohanan, at magaganap ito. Tayo’y nasa panahon na mismo ngayon.

Till—till we meet, till we . . .

Sa biyaya ng Dios, umaasa tayo, sa alas-siyete y media ngayong gabi.

God be will you till we meet again.

Tumayo tayo ngayon sa ating mga paa.

<sup>236</sup> Oh, hindi ba’t ito’y kamangha-mangha? “Ito ang mga Makalangit na dako kay Cristo Jesus.” Hindi maipagpapalit ito sa anupamang bagay. Alam ninyo kung gaano ako kahilig mangisda at kung gaano ako kahilig mangaso, ’pagkat nakikita ko ang Dios doon sa ilang. Gusto ko ito. Ngunit, oh, hindi ko ipagpapalit isa mang sandali para rito, para sa lahat ng mga karanasan ng daan-daang taon. Isang sandali nito, ang kasiyahang iyon!

<sup>237</sup> Dios, lumikha Ka sa akin ng isang rebaybal. Hayaang maging ako ang rebaybal. Hayaang ang bawa’t isa sa amin ang maging rebaybal, ang rebaybal sa akin. Gawin ako, Panginoon, na magutom, gawin Mong mauhaw ako. Likhain sa akin, Panginoon, yaong kakulangan sa akin. Hayaan ako, mula sa oras na ito, na maging Iyo; higit na nakalaang lingkod, isang mas mabuting lingkod, higit Mong pinagpala; higit na may-kakayahan, mas mapagpakumbaba, mas mabait, mas handang gumawa; mas tumitingin sa mga positibong bagay, at kinalilimutan ang mga bagay na nakaraan, at ang mga negatibo. Hayaang magtumulin ako sa hangganan ng dakilang pagkatawag kay Cristo. Amen.

Iyan ang ating hangad, hindi ba? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

Mabuti, tayo’y, hanggang sa pagkikita natin mamayang gabi, taglayin natin ang Pangalan ni Jesus ngayon, bawa’t isa sa inyo ngayon.

Take—take the Name of Jesus with you,  
Child of sorrow and of woe;  
It will joy and comfort give you,  
Take it everywhere you go.

Precious Name, O how sweet!  
Hope of earth and joy of Heaven;  
Precious Name, O how sweet!  
Hope of earth and joy of Heaven.

Ngayon iyukod natin ang ating mga ulo.

Take the Name of Jesus with you,  
As a shield from every snare;  
When temptations round you gather . . .



*ANG PAGKILALA SA IYONG ARAW AT ANG MENSAHE NITO* TAG64-0726M  
(Recognizing Your Day And Its Message)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Hulyo 26, 1964, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings. Muling inilathala noong 2010.

TAGALOG

©2009 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)



## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)